
LAUSD
UNIFIED

# CHOICES




- Mga Programang Magnet
- Mga Permisong May Transportasyon
- Mga Programang Multilingual Multikultural
- Mga Paaralan Para sa Advanced na Kaalaman
- Kakaibang Landas ng Edukasyon
- Mga Kaanib na Charter Schools

Bisitahin ang Choices.LAUSD.net



Minamahal naming Pamilya sa Los Angeles Unified,

Nawa'y matagpuan ka ng liham na ito sa mabuting kalagayan. Sumusulat ako sa inyo ngayon upang bigyang-pansin ang mga natatanging oportunidad sa edukasyon na maaaring makuha sa loob ng Los Angeles Unified. Ang aming Distrito ay nakatuon sa pagbibigay ng iba't ibang klase ng karanasan sa pagkatuto na nakapokus sa mga kakaibang interes, talento, at layunin ng bawat estudyante mula preschool hanggang sa mataas na paaralan (TK-Grade 12), at kahit mga klase para sa mga matatanda.

Mahigit kalahating milyong estudyante ang pumipili sa Los Angeles Unified bawat taon. Nag-aalok kami ng mga kursong mapang-tanggap, makabago, at kapana-panabik - may para sa bawat mag-aaral.

Maaari niyong ipatala ang inyong anak sa paaralan sa inyong kapitbahayan sa anumang oras, pero mayroon din kaming mga magandang programa kung saan pwedeng mag-apply sa pamamagitan ng CHOICES na aplikasyon, Ang mga programang ito ay may malawak na saklaw ng mga pamantayang edukasyon kasama na ang Magnet, Mga Permisong May Transportasyon (PWT), Kakaibang Landas ng Edukasyon, at Mga Kaanib na Charter Schools. May mga perpektong akma. Sinisikap naming mag-alok ng komprehensibong seleksyon na tumutugon sa iba't ibang pangangailangan ng ating student body.

Inaanyayahan ko kayong matuto pa ukol sa aming mga paaralan at mag-apply sa CHOICES ngayon.

Magkita tayo sa paaralan.

Nagmamahal,
Alberto M. Carvalho
Superintendente

LAUSD UNIFIED

Nasa-Oras na Panahon ng Aplikasyon
**Oktubre 1- Nobyembre 15, 2024**

Pagbubukas ng Panahon ng Nahuling Aplikasyon
**Pebrero 3, 2025**

## Magsumite ng papel na aplikasyon o mag-aplay sa online.

**CHOICES** TALAORASAN
**OKTUBRE/NOBYEMBRE**

### Nasa-Oras na Panahon ng Aplikasyon

LAHAT NG Aplikante

**Ano nang dapat kong hanapin?**

- Bisitahin ang Choices.LAUSD.net para matuto ukol sa aming programang Choices
- Suriin ang pamantayan para maging karapat-dapat sa programa, kung naaangkop, at ang mga alituntunin sa aplikasyon

**Ano ang kailangan kong gawin?**

- Repasuhin ang aplikasyon para sa anumang pagkakamali bago ipasa
- Siguraduhing na-update at tama ang impormasyon ng estudyante/magulang sa mismong paaralan
- Ipasa ang aplikasyon sa o bago ang deadline sa ika-15 ng Nobyembre 2024 (online o may markang koreo)

### Gifted Magnet/Highly Gifted Magnet/Beripikasyon ng SAS

Mga Napiling Programa Lamang

**GIFTED/HIGHLY GIFTED MAGNET**

**SAS**

**Ano ang dapat kong gawin?**

- Kung nag-aaplay sa Gifted Magnet,Highly Gifted Magnet, o Mga Paaralan Para sa Advanced na Kaalaman (SAS), responsibilidad ng magulang/tagapag-alaga na suriin at sundin ang beripikasyon ng pamantayan para maging karapat-dapat bago ang deadline. Nakasaad sa pahina 7-8 ng brochure na ito ang beripikasyon ng impormasyon sa pagiging karapat-dapat at sa Mga Tuntunin at Kondisyon ng aplikasyong Choices.

**DISYEMBRE**

### Abiso ng Kumpirmasyon/Pagwawasto

LAHAT NG Aplikante

**Ano ang dapat kong hanapin?**

- Mga kamalian sa iyong aplikasyon
- Magnet Priority Points, kung naaangkop (para sa impormasyon, pakitingnan ang pahina 19)
- Beripikahin na tumpak ang impormasyon ng kapatid

**Ano ang kailangan kong gawin?**

- Itama ang mga mali sa deadline na nakasaad sa liham

**PEBRERO**

### ABISO SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT SA PROGRAMA

Mga Napiling Programa Lamang

**GIFTED/HIGHLY GIFTED MAGNET**

**SAS**

**UEP**

**Ano ang dapat kong hanapin?**

- Karapat-dapat - Magpapatuloy ang aplikasyon sa proseso ng pagpili
- Hindi karapat-dapat - Aplikasyon sa programa ay tinitigil na sa bawat hindi karapat-dapat

**Ano ang kailangan kong gawin?**

- Walang aksyong kailangan
- Ang pagiging karapat-dapat ay hindi nangangahulugang napili

**MARSO**


### Abiso ng Pagpili/Listahan ng Naghihintay

likante

**Ano ang dapat kon**



**Paper applicants will receive letters via U.S. mail.**



**Online applicants will receive letters via their online account.**

**Ano ang kailangan kong gawin?**

- Napili - Tanggapin/tanggihan sa online o makipag-ugnayan sa paaralan bago ang deadline. Nangangahulugang pagtanggi ang hindi pagtugon. Pinal na ang lahat ng pagtanggi.

- Listahan ng mga Naghihintay - Walang aksyong kailangan. Aabisuhan ka ng paaralan kung may bakanteng espasyo. Inaanyayahan namin kayo na ipasa ang anumang atrasadong aplikasyon sa ibang programa (Para sa impormasyon, tignan ang pahina 6.)

**Matatanggap ng mga de-papel na aplikante ang kanilang liham sa pamamagitan ng U.S. Mail.**

**Makatatanggap ang mga aplikanteng online ng liham sa kanilang mga online account.**

## PANGKALAHATANG PAMANTAYAN NG APLIKASYON

### PAANO GUMAGANA ANG PROSESONG CHOICES?

**May kakaibang proseso ng pagpili sa bawat programang Choices. Para sa impormasyon, tumingin sa mga sumusunod na seksyon:**


**MGA PROGRAMANG MAGNET | PAHINA 17-40**

**MGA PERMISO NA MAY TRANSPORTASYON | PAHINA 41-42**

**MGA PROGRAMANG MULTILINGUAL MULTICULTURAL | PAHINA 43-56**

**MGA PAARALAN PARA SA ADVANCED NA KAALAMAN | PAHINA 57-64**

**MGA PAARALANG PAMANTAYAN SA PAGTANGGAP | PAHINA 65-66**

**MGA KAANIB NA CHARTER SCHOOL | PAHINA 67-70**


**Paano mag-aplay sa mga Programang Choices?**

- **Pumili ng mga programa:** Maaaring mag-apply hanggang sa anim na programa at ilang paaralan sa loob ng isang programa sa isang aplikasyon.
- **Magsaliksik:** Bago mag-apply, magandang ideya na makipag-ugnayan sa paaralan kung saan kayo interesado. Sasabihin sa inyo ng paaralan ang mga sesyon ng impormasyon, paglibot, uniporme, at paggamit ng bus (kung inalok).
- **Mag-Apply Lamang sa Programang Nais Daluhan:** Ang mga aplikanteng nag-apply sa higit sa isang pinagpipilian sa bawat programa, at hindi na-alok ng admisyon, ay maisasama LAMANG sa mga naghihintay para sa kanilang unang pinili (maliban sa Affiliated Charter). Opsiyunal ang pangalawa at pangatlong pinagpipilian. Ang mga kasalukuyang estudyante ng magnet na nag-apply sa ibang programa ng magnet at inalok ng admisyon ay awtomatikong mawawalan ng dating pwesto, tanggapin man nila ito o hindi.
- **Suriin ang mga Pamantayan para maging Karapat-Dapat:** Siguraduhin na tignan ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat at mga proseso ng pagberipika sa bawat programa bago mag-apply. Ang ibang programa ay maaaring may karagdagang hakbang upang tignan kung pumasa sa pamantayan ang isang aplikante.
- **Mag-apply Ayon sa Oras:** Mag-apply online sa Choices.LAUSD.net o kumuha ng papel na aplikasyon mula sa inyong lokal na LA Unified school. Nagbubukas sa Oktubre bawat taon ang Nasa-oras na Panahon ng Aplikasyon.

**Naka-enrol na sa isang Choices Program?**

- **Bagong Aplikasyon:** Nasa listahan ng paghintay ang aplikante noong nakaraang taon at gusto ng isa pang oportunidad, o magpalit ng programa, kailangan nila ng bagong aplikasyon. Kailangang mag-apply pa rin ng aplikante kung sila ay nagtatapos, hal. mula elementarya patungong gitnang paaralan.
- **Naka-enrol na** Kung ang aplikante ay nasa isang programang Choices na at nais manatili dito.

**May mga kapatid?**

- **Kambal at Triplets:** Kung ang aplikante ay isang kambal o triplet, kinakailangang nakatira ang lahat ng kapatid sa iisang tirahan. Kailangang magsumite ng hiwalay na aplikasyon ang mga kambal/triplets sa parehong programa (unang pagpipilian lang) sa parehong taon upang magkasunod na ilagay sa proseso ng pagpili.
- **Prayoridad sa Kapatid:** Ang pagprayoridad sa mga magkakapatid ay pwede lamang sa mga naka-enrol na mga kapatid ng mga estudyante na papasok sa parehong programa sa susunod na taon ng eskwela. Upang makatanggap ng prayoridad sa kapatid, kailangang ilista ng mga aplikante ang mga kapatid sa aplikasyon. Siguraduhing tama ang tirahan na nakasulat sa sistema bago ang deadline ng aplikasyon.

**Handa nang simulan na pumasok?**

- **Karapat-dapat na Edad ang kailangan para sa Universal Transitional Kindergarten, Kindergarten, at Unang Baitang.**
  - **Universal Transitional Kindergarten (UTK):** UTK ay dalawang taong programang Kindergarten para sa mga batang magiging 4 taong gulang sa Setyembre 1..
  - **Kindergarten:** Limang (5) taong gulang na dapat bago ang ika-1 ng Setyembre.
  - **Unang Baitang:** Anim (6) na taong gulang na dapat bago ang ika-1 ng Setyembre.

**Huwag Kalimutan!**

- **Mga Aplikasyon:** Kung ilang aplikasyon ang isinumite para sa parehong aplikante, ang una lang ang sinasaalang-alang.
- **Pumasok:** Kung hindi naka-enrol ang aplikante at pumapasok sa paaralan sa unang linggo, mawawala ang kanilang puwesto sa Choices.
- **Papel na Aplikasyon:** Makukuha ang papel na Choices brochure at aplikasyon online sa Choices.LAUSD.net o sa kahit anong LA Unified na paaralan o opisina.
- **I-double-check ang Aplikasyon!** Obligasyon ng aplikante na siguraduhing lahat ng impormasyon ay tama.
  - **Suriin ang Inalok na mga Baitang:** Hindi lahat ng Choices elementary programs ay nag-aalok ng UTK. May listahan ng mga paaralang nag-aalok ng UTK sa loob ng brochure.
  - **Pruweba ng Edad:** Para makapagsimula ang bata sa UTK, Kindergarten, o Unang Baitang, kailangan ng pruweba na sila ay nasa tamang gulang. Maaari lamang mag-apply sa mga Choices programs na angkop sa kanilang edad. Kahit nasa ibang baitang na sila ngayon, mas mahalaga ang edad para sa mga Choices na aplikasyon. Maaaring humingi ng grade-level continuance o akselerasyon kung mag-e-enrol. Ang principal ng paaralan ay titingin sa pinal na pagpili base sa edad, baitang at dami ng bakanteng upuan kapag naka-enrol na,

## PANGKALAHATANG PAMANTAYAN NG APLIKASYON

### Anong mangyayari matapos mag-apply?

- **Abiso ng Admisyon (Marso):** Makatatanggap ang mga aplikante sa online ng isang email at ang mga de-papel naman ay makakukuha ng pinadalang liham sa kalagitnaan ng Marso. Nakalakip sa abisong ito ang mga alok ng admisyon sa mga programa ng Choices. Kailangang tanggapin o tanggihan sa online o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa paaralan. Kung walang natanggap na tugon sa deadline, ito'y itinuturing na pagtanggi. Lahat ng pagtanggi ay pinal.
- **Pagtanggap ng Alok:** Ang mga natanggap na aplikante ay maaari lamang tumanggap ng isang pwestong Choices. Kung ang aplikante ay ipinasok sa ibang programa at tinanggap ito, agad silang tatanggalin mula sa kasalukuyang pwesto. Para sa Mga Programang Magnet LAMANG: Ang mga natanggap na aplikante ay maaari lamang tumanggap ng isang pwestong Choices. Kung ang aplikante ay ipinasok sa ibang programa at tinanggap ito, agad silang tatanggalin mula sa kasalukuyang pwesto.

### Kailangang magwasto o magpalit?

- **Online Updates:** Maaaring I-update ng mga aplikante ang kanilang online na aplikasyon hanggang ika-15 ng Nobyembre 15, 2024.
- **Pag-alis ng Aplikasyon at Pagtatama:** Magpadala ng email sa ApplyforSchools@lausd.net sa ika-17 ng Enero 2025, o magpadala ng request sa Choices, P.O. Box 513307, Los Angeles, CA 90051

### Nasa listahan ng paghintay?

- **Listahan ng Paghintay:** Ilalagay ang mga aplikante sa listahan ng paghintay para lamang sa una nilang pinili (sa loob ng bawat programa). Ang Mga Kaanib na Charter Schools ay maglalagay sa aplikante sa listahan ng paghintay para sa mga paaralang pinag-aplayan.
- **Mga Alok ng Listahan ng Paghihintay:** Makikipag-ugnayan ang paaralan sa aplikante kung may bakanteng pwesto sa listahan ng paghihintay.

### Na-miss ang Nasa Oras na Deadline ng Choices?

- Ang mga nahuling aplikasyon sa Choices para sa taong akademiko na 2025-26 ay tatanggapin mula sa ika-3 ng Pebrero 2025.
- Maaaring mag-apply ang mga nahuling aplikante sa kahit gaano kadaming programang nais nila, pero ang bawat pagpipilian ay nangangailangan ng hiwalay na aplikasyon.
- Mag-apply online sa Choices.LAUSD.net o ipadala ang aplikasyon sa Choices, P.O. Box 513307, Los Angeles, CA 90051
- Ilalagay ang mga nahuling aplikasyon sa dulo ng listahan ng naghihintay. Makikipag-ugnayan ang paaralan kung may bakanteng pwesto na magbubukas na maaaring mangyari sa kahit anong oras mula sa unang mga linggo ng tagsibol hanggang sa pangalawang semestre ng susunod na taon ng eskwela (tignan ang impormasyon ng programa para sa detalye).
- Ang pag-apply nang atrasado sa karagdagang mga paaralan ay hindi makaaapekto sa iyong nasa-oras na aplikasyon.
- Sa tatlong programang Choices (Gifted/Highly Gifted Magnet, Mga Paaralan Para sa Advanced na Kaalaman, Mga Paaralan ng Pamantayan ng Admisyon), kailangang maipasa ng aplikante ang pamantayan, kahit sa mga nahuling aplikasyon. Kung may bakanteng magbubukas, makikipag-ugnayan ang paaralan na may karagdagang impormasyon ukol sa pamantayan ng pagiging karapat-dapat. Ang mga aplikanteng nasa listahan ng paghihintay ay maaaring i-contact mula sa mga unang linggo ng tagsibol hanggang sa pangalawang semestre ng susunod na akademikong taon (tignan ang impormasyon ng programa para sa detalye).

### Kailangan ng Tulong?

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang aming website: Choices.LAUSD.net o tumawag sa Choices Support Line sa (213) 241-4177.



**IMPORMASYON**

**PAMANTAYAN PARA SA PROGRAMA NG GIFTED/HIGHLY GIFTED MAGNET AT MGA PAARALAN PARA SA ADVANCED NA KAALAMAN**

SA LAHAT NG KASALUKUYANG LOS ANGELES UNIFIED NA MGA APLIKANTE: BASAHIN ANG SEKSYONG A, B & C
SA LAHAT NG APLIKANTE MULA SA PRIBADONG PAARALAN, LAHAT NG HINDI TAGA-LOS ANGELES UN IFIED: BASAHIN ANG SEKSYONG A, B & D
AT LAHAT NG HOMESCHOOLED NA APLIKANTE: BASAHIN ANG SEKSYONG A, B & E

Bago magsumite ng aplikasyon, basahin mabuti ang mga seksyong nakalagay sa taas upang masigurado na ang aplikasyon ay makumpleto nang tama at ayon sa oras. Matatanggal ang aplikasyon sa proseso ng pagpili kung ang nakasaad na pamantayan ay hindi naipasa sa deadline.

## SEKSYON A: MGA PROGRAMANG GIFTED MAGNET AT MGA APLIKANTE PARA SA MGA PAARALAN NG ADVANCED NA KAALAMAN

1. Karapat-dapat ang estudyante sa pamantayan ng ispesipikong programa na ipinakita sa Seksyon B. Responsibilidad ng magulang/tagapagalaga na iberipika kasama ng kasalukuyang paaralan na pinapasukan kung pumasa ba sa pamantayan ang aplikante bago mag-apply at ang ***Beripikasyon ng Pagiging Karapat-Dapat***, kung kinakailangan, ay naisumite bago ang deadline.
2. Nakatira ang estudyante sa loob ng mga hangganan ng Los Angeles Unified sa oras ng aplikasyon at habang nakikilahok/naka-enrol sa programa.
3. Kung ang estudyante ay nag-a-apply sa bagong paaralan/programa o nagmamatrikula mula sa ika-5/6 o ika-8 na baitang (nakumpleto ang elementarya o gitnang paaralan), ang estudyante ay dapat muling iberipika ng kasalukuyang paaralan na pinapasukan bilang karapat-dapat na magpatuloy sa isang Programa ng Gifted Magnet o Mga Paaralan ng Advanced na Kaalaman (SAS) na lokasyon.
4. Kinikilala ng aplikante na ang pag-beripika na hindi ayon sa oras ay hindi tatanggapin para sa aplikasyong ayon sa oras at ang pagpili at rekomendasyon na isinumite ng principal ng kasalukuyang pinapasukang paaralan ay pinal.

## SEKSYON B: PROGRAMANG-ESPISIKO NA PAMANTAYAN NG PAGIGING KARAPAT-DAPAT

### KINAKAILANGANG PAMANTAYAN PARA SA MGA APLIKANTE NG PROGRAMANG GIFTED MAGNET O MGA PAARALAN PARA SA ADVANCED NA KAALAMAN

Ang mga Gifted Manget na Programa at Mga Paaralan Para sa Advanced na Kaalaman (SAS) ay nag-aalok ng mas pinayaman na interdisiplinaryong mga akademikong paligid na kapana-panabik, mapanghamon, at hinihikayat ang mga estudyante na gamitin ang mga kasanayan na malikhain/ginagamitan ng kritikal na pag-iisip. Pareho itong nakatutulong sa mga estudyante na nagpapakita ng abilidad o malakas na potensyal na magtrabaho dalawang taon mula sa baitang sa mga asignatura at pumasa sa ISA SA pamantaya na nakalista sa baba. (Para masigurado ang karampatan na access, ang lahat ng pamantayan ay pantay-pantay ang binubuhat na timbang sa proseso ng pagpili.)

UPANG MAGING KARAPAT-DAPAT SA MGA PROGRAMANG GIFT MAGNET O MGA PAARALAN PARA SA ADVANCED NA KAALAMAN, ANG ESTUDYANTE AY DAPAT BERIPIKADONG PUMASA SA ISA SA MGA SUMUSUNOD NA PAMANTAYAN BAGO ANG BIYERNES, IKA-6 NG DISYEMBRE 2024, 5:00 P.M.

A **Nakilala ang estudyante bilang gifted ng Los Angeles Unified sa Abilidad na Pang-Intelektwal, Abilidad sa Mataas na Tagumpay, Ispesipikong Akademikong Abilidad, Malikhaing Abilidad o Pamumunong Abilidad na kategorya.**

- Sa pagtanggap ng aplikasyon, agad na susuriin ng Distrito ang pagiging karapat-dapat ng aplikante sa pamamagitan ng mga tala ng paaralan ng mga Los Angeles Unified.
- Kung ang aplikante ay tinukoy na gifted sa Los Angeles Unified, pero kasalukuyang pumapasok sa isang pribadong paaralan, independenteng charter o hindi kabilang sa Los Angeles Unified na paaralan, kailangan ng magulang/tagapagalaga na magsumite ng Beripikasyon ng Pagiging Karapat-Dapat na papeles upang masigurado na ang aplikante ay kabilang sa database ng Distrito. **O**

B **May iskor ang estudtante sa Standard Exceeded range sa 2024 Smarter Balanced Assessment (SBA) o nakatanggap ng nasyonal na porsiyentong iskor ng 85 o higit sa isang Distritong-aprubado na standardizded norm-referenced test sa parehong Sining sa Wika ng Ingles at Matematika (pinaka-kasalukuyang taon lamang). Tignan ang Beripikasyon ng Pagiging Karapat-Dapat para sa detalye. O**

C **Pinakita ng estudyante ang abilidad na maipasa ang LAHAT NG APAT na kasanayan ng kritikal na pag-iisip at pagresolba sa problema (sa pangunahing wika):**

a) Maipaliwanag ang ibig sabihin o relasyon sa pagitan ng katotohanan, impormasyon, o mga konsepto na nagpapahayag ng lalim at kumplikado
b) Makapag-isip ng bagong mga ideya o solusyon at maipaliwanag ang impormasyon
c) Gumamit ng mga alternatibong paraan sa pagdiskarte sa mga bago o hindi pamilyar na mga problemang matematika
d) Gumamit ng malawak na bokabularyo ng madali at tama upang ipahayag ang mga malikhaing ideya

### KINAKAILANGANG PAMANTAYAN PARA SA MGA APLIKANTE NG PROGRAMANG HIGHLY GIFTED MAGNET

Ang mga estudyante sa ilalim ng grupong Highly Gifted Magnet na mga Programa ay sasailalim sa mas malawak na programang akademiko na nagbibigay ng mas advanced na oportunidad na akademiko na dinisensyo upang ibigay ang pangangailangan, interes at layunin ng mga matatalinong estudyante. Mas binibigyang-pansin ang pagresolba sa mga probloema at ang pag-unlad ng mga kasanayan sa higher-level thinking, pati na rin ang positibong paglago na sosyal-emosyonal.

Ang mga estudyanteng karapat-dapat sa Programang Highly Gifted Magnet ay residente ng Los Angeles Unified na tinukoy bilang:

| | |
|---|---|
| • | Highly Gifted (HG) sa pagtala ng 99.9 porsyentong ranggo sa isang Intellectual Ability assessment na isinagawa ng isang Los Angeles Unified designated GATE psychologist **OR** |
| • | Highly Gifted Applicable (HGA) sa pagtala ng 99.5 hanggang 99.8 porsyentong ranggo sa isang Intellectual Ability assessment na isinagawa ng isang Los Angeles Unified designated GATE psychologist |
| | |

**LAHAT NG APLIKANTENG INTERESADO SA PROGRAMANG HIGHLY GIFTED MAGNET AY DAPAT SURIIN AT TUKUYIN BAGO ANG BIYERNES, IKA-6 NG DISYEMBRE 2024, PARA MAGING KARAPAT-DAPAT AYON SA ORAS NA APLIKASYON AT PAGPILI.**

**IMPORMASYON**

| **Ang mga estudyante na tinukoy bilang HG/HGA ay karapat-dapat na mag-apply sa Programang Gifted Magnet o Mga Paaralan Para sa Advanced na Kaalaman (SAS).** |
|---|
| Sa pagtanggap ng aplikasyon, awtomatikong titignan ng Distrito ang mga rekord ng Los Angeles Unified kung karapat-dapat. Kung ang aplikante ay tinukoy bilang highly gifted/highly gifted na aplikado sa Los Angeles Unified at kasalukuyang pumapasok sa pribadong paaralan, independenteng charter o hindi kabilang sa Los Angeles Unified, ang magulang/tagapagalaga ay dapat magsumite ng ***Beripikasyon ng Pagiging Karapat-Dapat*** na papeles upang masiguro na ang aplikante ay kasama sa database ng Distrito. Maaaring sumangguni ang mga magulang/tagapagalaga sa Gifted/Talented na mga Programa sa (213) 241-4177 o sa GATE@lausd.net upang iberipika kung karapat-dapat ng estudyante na mag-apply sa Programang Highly Gifted Magnet. |
| |
| **PAALALA:** Ang Los Angeles Unified ay nagbibigay ng mga programa para sa mga biniyayaan/talentadong mga estudyante sa lahat ng lokal na paaralan ng mga residente, pati na rin sa Magnets at Mga Paaralan Para sa Advanced na Kaalaman (SAS). Dagdag pa rito, ang ilang mga paaralan ay nagbibigay ng espesyal na mga serbisyo para sa mga highly gifted na estudyante (hal. Highly Gifted Pathway sa Peary Middle School at Wright Middle School). Sumangguni sa paaralan o sentro ng Magnet kung ikaw ay interesado sa karagdagang impormasyon sa mga Gifted and Talented Education (GATE) na mga serbisyo at suporta. |

## SEKSYON C: MGA LOS ANGELES UNIFIED NA APLIKANTE (KASALUKUYANG NAKA-ENROL SA LOS ANGELES UNIFIED NA PAARALAN)

Bagama't kailangan ng mga aplikante ng Los Angeles Unified na ipasa ang kinakailangang programang-ispesipiko na pamantayang nakasaad sa Section B, HINDI NA KAILANGAN ang Beripikasyon ng Pagiging Karapat-dapat na papeles para sa mga aplikante (nag-a-apply sa baitang K-12) na kasalukuyang naka-enroll sa isang Los Angeles Unified na paaralan, kabilang na ang City of Angels Independent Study o Virtual Academy. Sa pagtanggap ng aplikasyon, awtomatikong susuriin ng Distrito ang pagiging karapat-dapat sa pamamagitan ng proseso ng beripikasyon ng Distrito sa Enero 2025. Sumangguni sa Los Angeles Unified na paaralang pinapasukan ng iyong anak para sa dagdag na impormasyon.

## SEKSYON D: PRIBADONG PAARALAN, INDEPENDENTENG CHARTER AT HINDI LOS ANGELES UNIFIED NA MGA APLIKANTE

Ang mga magulang/tagapag-alaga ng pribaadong paaralan, independenteng charter at non-Los Angeles Unified na mga estudyante na nag-a-apply sa isang Gifted Magnet Program o Mga Paaralan Para sa Advanced na Kaalaman ay kailangang sundin ang mga pamamaraan na nakasaad sa baba. Kabilang na dito ang mga papasok na aplikante ng kindergarten SAS na pumapasok sa isang Los Angeles Unified na preschool o universal transtitional kindergarten (UTK). responsibilidad ng magulang/tagapag-alaga na beripikahin na ang paaralang kasalukuyang pinapasukan ng estudyante ay nagpasa ng mga kinakailangang beripikasyon na papeles sa Biyernest, ika-6 ng Disyembre 2024, 5:00 p.m.

Para sa aplikanteng natukoy na  nakaraan bilang gifted/highly gifted ng isang Los Angeles Unified designated na GATE psychologist, na kasalukuyang pumapasok sa isang pribadong paaralan, independenteng charter o non-Los Angeles Unified na paaralan, kailangang magsumite ang magulang/tagapagalaga ng ***Beripikasyon ng Pagiging Karapat-Dapat*** na papeles upang masiguro na ang aplikante ay kabilang sa database ng Distrito.

### PAGHINGI NG BERIPIKASYON MULA SA KASALUKUYANG DINADALUHANG PAARALAN NA HINDI SA DISTRITO

**OPSYON 1:**

1. Bisitahin ang Choices.LAUSD.net (piliin ang Magnet or SAS) para i-download ang form ng ***Pagpapatunay ng Kwalipikasyon (SAS Kindergarten)*** o form ng ***Pagpapatuny ng Kwalipikasyon (Grades 1-12)***.
   (I-click "Who is eligible?" para ma-acess ang mga form.)
2. Kumpletuhin ang mga seksyon ng impormasyon ng mag-aaral at magulang, lagdaan at isulat ang petsa.
3. Ibigay ang naaangkop na form sa kasalukuyang dinadaluhang paaralan ng estudyante, at bigyan ng pahintulot sa paaralan na kumpletuhin ang lahat ng kinakailangang seksyon.

**OPTION 2:**

1. Tawagan ang Choices Support Line sa (213) 241-4177
   o mag-email sa giftedverification@lausd.net para humiling ng naaangkop na form ng ***Pagpapatunay ng Kwalipikasyon***.

### PAGSUBMITE NG MGA FORM NG BERIPIKASYON

Kapag ang form ng ***Pagpapatunay ng Kwalipikasyon*** ay nakumpleto na ng dinadaluhang paaralan, ang mga tauhan sa pook ng paaralan ay dapat na magsumite ng nakumpleto at nilagdaang form bago ang Biyernes, Disyembre 6, 2024. Ang form ng ***Pagpapatunay ng Kwalipikasyon*** ay dapat isumite sa isang selyadong opisyal na sobre ng paaralan kasama ng lagda ng punong-guro sa tapat ng selyadong bahagi o kaya ay i-email ng paaralan. Ang email ay ang gustong paraan ng pagsusumite; ang nagpadala ay makatatanggap ng kumpirmasyon sa email. Huwag isumite ang form kasama ng aplikasyon. Ang mga nahuling form ay hindi tatanggapin.

**Email:** giftedverification@lausd.net **O** **U.S. Mail:** Unified Enrollment, P.O. Box 513307, Los Angeles, CA 90051

TANDAAN: Ang form ng ***Pagpapatunay ng Kwalipikasyon*** ay HINDI isang aplikasyon. Dapat isumite ang isang form ng ***Pagpapatunay ng Kwalipikasyon*** bilang karagdagan sa isang aplikasyon sa Choices bago ang huling oras sa Biyernes, December 6, 2024. Bilang karagdagan sa Choices application na dapat isumite bago ang Nobyembre 15, 2024, responsibilidad ng magulang/tagapag-alaga na tiyakin na ang nakumpletong form ng ***Pagpapatunay ng Kwalipikasyon*** ay isinumite ng dinadaluhang paaralan bago ang takdang oras. Para sa mga aplikante sa SAS kindergarten na hindi nakatala sa preschool o TK, mangyaring makipag-ugnayan sa Gifted/Talented Programs sa (213) 241-4177 o GATE@lausd.net para sa impormasyon tungkol sa mga pamamaraan sa pagberipika o bisitahin ang achieve.lausd.net/gate (piliin ang Programa Mga Pagpipilian at SAS). Ang Mga Liham ng Pagiging Karapat-dapat sa Programa na nagsasaad ng katayuan ng pagiging karapat-dapat ng aplikante para sa Mga Programa ng Gifted Magnet at Schools for Advanced Studies (SAS) ay ipapadala sa Pebrero. Ang mga Liham ng Seleksyon/Listahan ng Naghihintay para sa mga kwalipikadong estudyante ay ipadadala sa Marso. Para sa impormasyon tungkol sa berepikasyon para sa mga nahuling aplikante ng Choices sa Gifted/Highly Gifted Magnet at SAS, mangyaring sumangguni sa pahina 6.

## SEKSYON E: MGA APLIKANTENG NAG-AARAL SA HOMESCHOOL AT MGA APLIKANTENG HINDI NAKA-TALA SA PAARALAN

Ang isang alternatibong proseso ng beripikasyon ay isinasagawa para sa mga aplikanteng nasa homeschool sa Gifted Magnet/SAS nang walang organisasyong nagbibirepika at mga aplikante sa SAS kindergarten na hindi nakatala sa preschool/TK. Ang proseso ng beripikasyong ito ay dapat simulan ng magulang/tagapag-alaga bago ang huling oras ng Choices sa Biyernes, November 15, 2024. Mangyaring makipag-ugnayan sa Gifted/Talented Programs sa (213) 241-4177 o GATE@lausd.net upang simulan ang proseso ng beripikasyon na ito. Ang mga nahuling pagtatanong ay hindi tatanggapin para sa nasa oras na aplikasyon at pagpili.

# MGA PROGRAMANG MAGNET

## IMPORMASYON SA MGA PROGRAMANG MAGNET

### ANO ANG MGA PROGRAMANG MAGNET?

Ang mga paaralan/sentro ng magnet ng Los Angeles Unified ay isang boluntaryong integrasyon na programa na nagbibigay ng mahigpit, mataas na kalidad, nakabatay sa tema na pagtuturo na idinisenyo upang mapadali ang pagkatuto ng mag -aaral at maitaguyod ang akademikong tagumpay. Itinatag noong 1977, ang mga programang magnet sa loob ng ating Distrito ay naging isa sa pinakamatagumpay sa bansa. Sa kasalukuyan, mayroong 333 programang magnet na matatagpuan sa buong Distrito. Ang tinatayang bilang ng bakanteng pwesto sa 2024-2025 at ang bilang ng mga aplikasyon na isinumite noong 2023-2024 sa bawat paaralan/sentro ng magnet ay makikita sa ilalim ng pangalan ng bawat paaralan. Lahat ng mga mag-aaral ng Distrito, kabilang ang mga nag-aaral ng Ingles, mga karaniwang nag-aaral ng Ingles, mga mag-aaral na may mga kapansanan, at likas ang kaalaman/talentado ay hinihikayat na mag-aplay.

Ang ilang mga programang magnet ay sumasakop sa buong pook ng mga paaralan (Full School Magnets), habang ang iba ay mga sentro ng magnet na matatagpuan sa mga residensyal na school campus na may access sa mga aktibidad at karanasan na ibinahagi sa host na paaralang. Pakitingnan ang mga pahina 21-40 upang suriin ang impormasyon ng paaralan/sentro ng magnet sa pulyetong ito at upang matukoy ang (mga) programa na akma sa mga pangangailangan ng iyong anak. Ang bawat isa sa mga programang magnet ay nasa loob ng isa sa walong temang pagtuturo: Career and Social Entrepreneurship, Centers for Enriched Studies, Gifted and Highly Gifted, Liberal Arts, New Media, Science/Technology/Engineering/Math or Visual and Performing Arts.

### ANO ANG MGA LAYUNIN NG PROGRAMANG INSTRUKSYUNAL?

Tinatanggap ng mga programang magneto ang mga interes ng lahat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtutok sa pampakay na pagtuturo at personal na pag-aaral. Ang mga programang magneto ay nagbibigay ng mga landas na naghahanda sa mga mag-aaral na ituloy ang mga makabagong karera sa ating umuusbong na pandaigdigang ekonomiya.

Ang mga programang magneto ay itinatag sa pamamagitan ng isang integrasyong utos ng korte upang tugunan ang Limang Kapinsalaan ng Pagkakahiwalay ng Lahi: Mababang Tagumpay Pang-akademiko, Mababang Pagpapahalaga sa Sarili, Kakulangan ng Access sa mga Oportunidad Matapos ang Sekundarya, Pagkapoot at Kawalang-pagpaparaya sa Ibang Lahi, at Kundisyong Siksikan. Ang mga ito ay naaayon sa mga layunin ng Los Angeles Unified: 100 porsiyentong pagtatapos, kahusayan para sa lahat, 100 porsiyentong pagdalo, pakikipag-ugnayan ng magulang, komunidad at mag-aaral, kaligtasan sa paaralan, at pagbuo ng matatag na pundasyon para sa mga maagang nag-aaral.

### SINO ANG KARAPAT-DAPAT?

Ang mga mag-aaral na nasa grade K-12 at nakatira sa loob ng hangganan ng Los Angeles Unified ay karapat-dapat na mag-aplay para sa mga programa ng magnet. Ang mga aplikante ay dapat na residente ng Los Angeles Unified sa oras ng pagpapatala at habang nakikilahok sa programa ng magnet. Kasama sa index ng mga programa sa pahina 21-40 ang mga available na antas ng grado para sa bawat programa.

Ang mga Gifted at Highly Gifted Magnet lamang (pahina 25-28) ang nangangailangan ng partikular na pamantayan sa pagiging karapat-dapat (pahina 7-8) para sa pagpili. Ang lahat ng mga aplikante para sa mga Gifted at Highly Gifted Magnet ay dapat makilala o maberipika, at magsumite ng aplikasyon sa magnet.

Ang mga Programang Magnet ay mga programang Iniutos ng Hukuman kung saan kinakailangang markahan ng mga magulang ang ISANG natukoy na pederal na kategorya ng etnisidad/lahi sa aplikasyon. Piliin ang opsyon sa tabi ng etnisidad o lahi na pinakamahusay na naglalarawan sa bata kung saan ka nag-a-aplay. Maaari mong punan ang tugon na "Multi-etniko" upang ipahiwatig na ang aplikante ay kinikilalang may higit sa isang etnisidad/lahi ngunit HINDI mapoproseso ang iyong aplikasyon maliban kung pipili ka ng isa sa mga kategorya ng etnisidad/lahi na kinikilala ng pederal.

### PAANO NAPIPILI ANG MGA MAG-AARAL?

Ang nasa-oras na proseso ng pagpili ng mag-aaral para sa mga programa ng magnet ay batay sa Magnet Priority Point System at sa Iniutos ng Korte na pagbabawas sa Mga Kapinsalaan ng Pagkakahiwalay ng Lahi. Kapag naisumite na ang aplikasyon, ang impormasyon ay mabeberipika ng Information Technology Division (ITD) ng Distrito at ang mga mag-aaral ay bibigyan ng mga puntos batay sa 5 pamantayan (tingnan ang Magnet Priority Point System sa pahina 19). Ang kabuuan ng mga puntong ito ay ginagamit sa patas at computerized na proseso ng pagpili. Tingnan ang pahina 20 para sa proseso ng huling aplikasyon.

Responsibilidad ng mga Magulang/Tagapag-alaga na beripikahin ang address, grado at etnisidad ng estudyante sa kasalukuyang dinadaluhang paaralan sa Los Angeles Unified bago ang huling oras ng aplikasyon.

Ang mga puntos ng prayoridad ng magnet ay naaangkop lamang sa programa ng magnet. Walang mga puntos na ibinibigay para sa pagsusumite ng di-wasto (naninirahan sa labas ng distrito, nag-a-aplay sa maling antas ng grado, atbp.) o nahuling aplikasyon. Ang mga mag-aaral na mag-a-aplay para sa parehong baitang nang dalawang beses ay hindi makakakuha ng punto sa listahan ng naghihintay para sa nakaraang taon.

### PROSESO NG PAGPILI:

- Maaari kang mag-aplay sa tatlong magkakaibang programa ng magnet. Gayunpaman, maaari kang mag-aplay sa isang programa, ang pangalawa at pangatlong napili ay opsyonal.
- Ang Magnet Priority Points ay ginagamit para sa una at sa opsyonal na pangalawa o pangatlong napili ng aplikante.
- Kung hindi napili sa kanilang unang gusto, ang aplikante ay isasaalang-alang para sa kanilang pangalawa at/o pangatlong napili.
- Kung napili sa alinman sa kanilang mga gusto, ang aplikante ay hindi mapapabilang sa listahan ng naghihintay para sa iba pang (mga) seleksyon.
- Kung hindi napili sa isang programa ng magnet, ang aplikante ay ilalagay sa listahan ng naghihintay para sa kanilang unang napili lamang.
- Ang mga aplikanteng kasalukuyang dumadalo sa isang programa ng magnet at napili sa isa pang programa ng magnet ay awtomatikong aalisin sa kanilang kasalukuyang programa ng magnet.

**SUSUNOD NA HAKBANG:**

- Pagkatapos mong tanggapin ang iyong pinili, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan para sa mga pamamaraan ng pagpapatala.

- Ang mga mag-aaral na hindi naka-enroll at pumapasok sa pagtatapos ng unang linggo ng paaralan ay tatanggihan mula sa programang magnet.

## PRIORITY POINT SYSTEM NG MAGNET

**12 Points**

**MATRIKULASYON** * | Ang mga aplikante na nakakumpleto ng pinakamataas na antas ng grado sa isang programang magnet at nag-aplay upang magpatuloy sa isa pang programang magnet sa susunod na antas, tumanggap ng 12 puntos ng matrikula. Ang mga puntos na ito ay hindi madadala at pang-isang taon lamang, sa panahon ng matrikulasyon.

**4-12 Points**

**LISTAHAN NG NAGHIHINTAY** | Ang mga aplikante na nanatili sa wastong nasa-oras na listahan ng naghihintay sa magnet ay makatatanggap ng 4 na puntos para sa susunod na taon. Ang mga aplikante ay maaaring makaipon ng punto sa listahan ng naghihintay para sa naunang tatlong magkakasunod na taon para sa maximum na 12 puntos. Kung ang isang aplikante sa listahan ng naghihintay ay tumanggi sa placement ng magnet, LAHAT ng punto sa listahan ng naghihintay ay aalisin. Ang mga bagong listahan ng naghihintay ay itinatatag bawat taon. HINDI bibigyan ang mga aplikante ng parehong Matrikulasyon at Waiting List Points nang sabay.

**4 Points**

**MGA PAARALANG MAY MAS MARAMING HISPANIC, BLACK, ASIAN AT IBANG HINDI ANGLO (PHBAO)** | Ang mga aplikante, na ang dinadaluhang paaralan sa L.A. Unified sa 2025-2026 ay itinalaga bilang PHBAO ng Distrito, ay makatatanggap ng 4 na puntos. Ang mga puntos ay hindi naiipon; taon-taon silang itinatalaga.

**4 Points**

**SIKSIKAN** | Ang mga aplikante, na ang dinadaluhang paaralan sa Los Angeles Unified sa 2024-2025 ay itinalaga bilang siksikan sa pamantayan ng Distrito ay makatatanggap ng 4 na puntos. Ang mga puntos ay hindi naiipon; taon-taon silang itinatalaga.

## Point
## s

**KAPATID |** Kung ang isang aplikante ay nag-a-aplay sa parehong magnet na paaralan/programa kung saan ang isang kapatid na lalaki o babae ay magpapatuloy, siya ay makatatanggap ng 3 puntos. Ang mga puntos ay itinatalaga kung ang kapatid ay nag-aaral sa unang napiling paaralan ng aplikante. Ang mga kapatid ay dapat na nauugnay sa parehong account sa Apply ng magulang at naninirahan sa parehong address sa oras ng aplikasyon, na dapat na makita sa computer system ng Distrito. Ang bawat at lahat ng mag-aaral ay dapat magkaroon ng aplikasyon sa file, kabilang ang kambal, tatlohang kambal, atbp. Responsibilidad ng magulang na beripikahin na ang magkapatid ay may parehong address sa tala sa computer system ng Distrito sa kasalukuyang dinadaluhang paaralan sa Los Angeles Unified sa huling oras ng aplikasyon.

* Ang mga mag-aaral na naka-enrol sa mga paaralang elementarya na nagtatapos sa ika-6 na baitang ay bibigyan ng mga puntos ng matrikula sa alinman sa ika-5 o ika-6 na baitang. Mga mag-aaral na naka-enroll sa multi-level magnet programs (32nd St/USC MAE, Eagle Rock HS, Franklin DLA, Fulton, Lake Balboa, Los Angeles CES, Maywood CES, Science Academy, Sherman Oaks CES, Sotomayor, Sun Valley BSEL at Valley Oaks CES ) ay hindi tumatanggap ng mga puntos sa matrikula. Ang Arroyo Seco, Laurel, Menlo, Western Ave at Westside magnets ay mga grade K-8 at tumatanggap lamang ng matriculation points sa ikawalong baitang. HINDI bibigyan ang mga aplikante ng parehong Matrikula at Waiting List Points sa parehong oras. Ang mga mag-aaral ay dapat magkaroon ng wastong pagpapatala sa isang magnet program sa oras ng takdang oras ng aplikasyon.

## MAY TRANSPORTASYON BA?

Mayroong transportasyon sa ilang magnet program. **BAGO GUMAWA NG IYONG PAGPILI,** makipag-ugnayan sa paaralan o Mga Serbisyo sa Transportasyon upang matukoy kung ang magnet program ay nag-aalok ng transportasyon at kung ang pinakamalapit na pick-up/drop-off point ay isang makatwirang distansya mula sa iyong tahanan. Ang mga ruta at mga lokasyon ng pick-up/drop-off ay naitatag para sa school year 2024-2025. Walang idadagdag na mga bagong hinto. Para sa impormasyon tungkol sa mga kasalukuyang ruta ng bus, makipag-ugnayan sa Transportation Services Division sa 1-800-LABUSES o (213) 580-2900.

**MAAARING** ibigay ang transportasyong binabayaran ng distrito para sa mga aplikante ng ELEMENTARYA (K-5/6) kung sila ay naninirahan sa labas ng isang milyang radius ng magnet program. **MAAARING** ibigay ang transportasyon na binayaran ng distrito para sa SEKONDARYA (6-12) na mga aplikante kung sila ay naninirahan sa labas ng tatlong milyang radius ng magnet program. Ang mga mag-aaral na pumapasok sa mga sumusunod na span school ay may isang milyang eligibility radius: Arroyo Seco, Laurel, Lake Balboa, Sherman Oaks CES, Western Ave at Westside.

Ang mga mag-aaral na may mga kapansanan na nagpatala sa isang Magnet Program ay maaari ding magkaroon ng access sa transportasyon. Ang mga programa ng magnet ay maaaring mag-alok ng transportasyon sa paaralan patungo sa paaralan para sa mga karapat-dapat na mag-aaral.

**TANDAAN:** Ang maximum na one-way na patnubay sa oras ng pagsakay para sa lahat ng mga mag-aaral (mga gradong Kindergarten hanggang 12) ay 90 minuto. Nalalapat ito sa lahat ng ruta ng bus.

## MGA GABAY SA APLIKASYON NG MAGNET

- Huwag magsumite ng bagong aplikasyon kung ang iyong anak ay kasalukuyang nakatala sa isang programang magnet at nais na magpatuloy sa parehong paaralan. Ang mga aplikanteng kasalukuyang nakatala sa isang programang magnet na nag-a-aplay at napili para sa isa pang programang magnet ay awtomatikong aalisin sa kanilang kasalukuyang magnet, tanggapin man nila o tanggihan.

- Ang mga aplikante ay DAPAT na residente ng Los Angeles Unified sa oras ng aplikasyon at habang nakikilahok sa mga programang magnet. **Hindi tinatanggap ang mga post office box**.

- Ang mga pahinang 17-40 ay naglalaman ng pangunahing impormasyon tungkol sa mga programang magnet upang tulungan ka sa pagpili para sa iyong anak. Bagama't mayroon kang opsyon na pumili ng hanggang tatlong magkakaibang programang magnet, hindi sapilitan para sa iyo na gawin ito. Pakitingnan ang seksyong Proseso ng Pagpili sa pahina 18 para sa impormasyon kung paano pinangangasiwaan ng proseso ng pagpili ang (mga) pangalawa o pangatlong kagustuhan bago mo ilista ang isang opsyonal na paaralan sa iyong aplikasyon.

- Ang mga pagbubukas ng bawat programang magnet ay tinutukoy ng pangangailangan na mapanatili ang isang balanseng pagpapatala sa bawat lahi at sa pagkakaroon ng bakante.

- Kung ang isang aplikante ay umalis sa programang magnet bago makumpleto ang pagtatapos na grado, walang itatalagang puntos sa matrikulasyon.

- Ang mga Programang Magnet ay mga programang Iniutos ng Hukuman kung saan ang mga magulang ay kailangang pumili ng ISANG kategorya ng etnisidad/lahi na kinilala ng pederal sa aplikasyon. Piliin ang opsyon sa tabi ng etnisidad o lahi na pinakamahusay na naglalarawan sa bata kung saan ka nag-a-aplay. Maaari mong punan ang tugon na "Multi-etniko" upang isaad na ang aplikante ay kinikilalang may higit sa isang etnisidad/lahi ngunit HINDI mapoproseso ang iyong aplikasyon maliban kung pipiliin mo ang isa sa mga kategorya ng etnisidad/lahi na kinikilala ng pederal.

- Kung ang isang aplikante ay umalis sa programang magnet bago makumpleto ang pagtatapos na grado, walang itatalagang puntos sa matrikulasyon.

- **Ang mga mag-aaral na nasa listahan ng naghihintay ay maaaring makipag-ugnayan tungkol sa bakanteng pwesto sa unang buwan ng eskwela. Kung ang isang aplikante ay tumanggi sa placement sa magnet, LAHAT ng mga puntos sa listahan ng paghihintay ay aalisin.**

- Ang mga aplikante na nais pa ring mag-aplay sa isang magnet school o center pagkatapos ng Nobyembre 15, 2024 na huling oras ay maaaring magsumite ng nahuling aplikasyon. **Ang huling aplikasyon ay magbibigay-daan lamang para sa isang pagpipilian** at magbubukas sa Pebrero 3, 2025. Ang mga bakanteng puwesto para sa mga huling aplikante ay magbubukas pagkatapos ang lahat ng mga mag-aaral sa listahan ng naghihintay ay maalok ng placement sa napiling lugar ng paaralan. Ang bawat pagbubukas ng magnet ay tinutukoy ng pangangailangan na mapanatili ang isang balanseng pagpapatala sa lahi at sa pagkakaroon ng bakante. Ang pagpuno sa isang huling aplikasyon ay hindi ginagarantiyahan ang paglalagay ng mag-aaral at ang mga puntos ng priyoridad ng magnet ay hindi itinalaga.

- Ang pinakamaagang antas ng grado na inaalok sa isang magnet ay kindergarten. Gayunpaman, karamihan sa mga magnet school ay nag-aalok ng isang non-magnet UTK na programa bilang bahagi ng kanilang residensyal na kindergarten program. Ang mga sumusunod na magnet school ay HINDI nag-aalok ng UTK: 32nd St., Academy for Enriched Sciences, Arroyo Seco, Community, Mid-City, Lake Balboa, Melrose, Open, Point Fermin, South Shores, Vintage, at Westside.

- Paaralan na hindi tirahan para sa mga piling mag-aaral. Mga paaralan na walang itinakdang hangganan ng pagpasok at walang prayoridad na pagpapalista.

- Ang mga residensyal na magnet school ay tumatanggap ng mga aplikasyon sa buong taon ng pag-aaral. Ang isang residensyal na magnet school ay nagbibigay ng priyoridad sa mga mag-aaral na naninirahan sa loob ng hangganan ng pagpasok nito. Ang lahat ng iba pang karapat-dapat na mga aplikante sa Los Angeles Unified ay pipiliin kung may available na espasyo. Mangyaring tingnan ang pahina 21-40 upang mahanap ang mga residensyal na magnet school.

- The International Baccalaureate Programme Organization (IBO) offers three levels of international education that span the primary, middle and secondary school years. Authorization to become an International Baccalaureate (IB) World School is an intensive process that typically takes two or more years and includes site visits by an IB team. A regular process of evaluation is undertaken by schools that have been authorized.

- IB Ang International Baccalaureate Program Organization (IBO) ay nag-aalok ng tatlong antas ng internasyonal na edukasyon na sumasaklaw sa elementarya, gitna at sekondaryang taon ng paaralan. Ang pahintulot na maging isang International Baccalaureate (IB) World School ay isang masinsinang proseso na karaniwang tumatagal ng dalawa o higit pang taon at kasama ang mga pagbisita sa site ng isang IB team. Ang isang regular na proseso ng pagsusuri ay isinasagawa ng mga pinahintulutang paaralan.

- Ang Magnet School of Merit Awards ay kumikilala sa mga magnet na paaralan o programa na nagpapakita ng natatanging dedikasyon sa mataas na pamantayan ng akademiko, inobasyon sa kurikulum, mga pagsisikap sa desegregasyon/diversidad, mga espesyal na guro, at pakikilahok ng mga magulang at komunidad. Upang makatanggap ng gantimpala, ang mga paaralan ay kailangang magsumite ng aplikasyon sa Magnet Schools of America na sinusuri ng isang panel ng mga edukador mula sa iba't ibang bahagi ng bansa.

## MGA APLIKANTE SA COMPTON UNIFIED SCHOOL DISTRICT (CUSD)

Ang Los Angeles Unified, sa pakikipagtulungan sa Compton Unified School District (CUSD), ay nag-aalok ng limitadong bilang ng 9th grade openings sa King-Drew Magnet High School of Medicine and Science. Ang mga pagbubukas na ito ay magagamit LAMANG sa mga residente ng CUSD.

Kung interesado kang makilahok ang iyong anak sa programa, mangyaring kumpletuhin ang Choices application na ang King-Drew Magnet ang tanging pagpipilian. Ang mga mag-aaral na nag-aaplay sa programa ay kailangang magsumite ng report card mula sa kanilang kasalukuyang paaralan mula sa unang semestre ng ika-8 baitang. Maaaring isumite ang mga report card sa pamamagitan ng koreo sa Los Angeles Unified School District, Student Integration Services, 333 S. Beaudry Ave., 25th Floor, Los Angeles, CA 90017 o mag-email sa echoices@lausd.net sa atensyon ni Compton/King-Drew Aplikasyon. Responsibilidad ng magulang/tagapag-alaga na tiyaking matatanggap ng Student Integration Services ang aplikasyon at report card. Ang impormasyong isinumite ay mabe-verify sa CUSD.

Ang mga estudyanteng residente ng CUSD na napili para sa King-Drew Magnet High School of Medicine and Science ay hindi karapat-dapat para sa transportasyon.

## SINO ANG MAAARI KONG MAKA-UGNAYAN PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON?






# MGA PERMISONG MAY TRANSPORTASYON (PWT)

## MGA IMPORMASYON SA MGA PERMISO SA TRANSPORTASYON

### ANO ANG PROGRAMANG PWT?

Ang Permits With Transportation (PWT) ay isa sa mga orihinal na programa ng integrasyon ng Los Angeles Unified at itinatag bilang Court-Order upang magbigay sa mga estudyante ng pinagsama-samang karanasan sa paaralan sa loob ng ating distrito. Ang mga takdang-aralin sa paaralan ng PWT ay ginawa ng Distrito sa isa sa mga sumusunod na paaralan: Revere MS, Portola MS o Taft HS. Ang programa ng PWT ay hindi nagbibigay ng transportasyon sa mga magnet o anumang iba pang programa ng Choices.

### ANO ANG MGA LAYUNIN NG INSTRUKSYUNAL NA PROGRAMA?

Ang mga mag-aaral ng PWT ay nakatala sa regular na programa ng paaralan at maaaring makilahok sa lahat ng mga programa at aktibidad na magagamit ng mga residenteng mag-aaral sa paaralan kung saan sila napili. Hinihikayat ang mga mag-aaral at mga magulang na lumahok sa lahat ng aktibidad ng paaralan/komunidad sa paaralan ng PWT.

### SINO ANG KARAPAT-DAPAT?

Ang mga mag-aaral na nasa grade 6-12 sa panahon ng school year 2025-2026 at naninirahan sa loob ng sumusunod na Los Angeles Unified resident school boundary na mga lugar sa pagpapadala ay karapat-dapat na mag-aplay para sa PWT program:

**Mga Lugar sa Pagpapadala ng Gitnang Paaralan:**
Audubon, Drew, Gompers, Harte Prep, Mann, Muir at Obama Global

**Mga Lugar sa Pagpapadala ng Mataas na Paaralan:**
Crenshaw, Dorsey, Dymally, Hawkins, Jordan, Locke, Manual Arts at Washington Prep.

### PAANO NAPIPILI ANG MGA MAG-AARAL?

Ang prayoridad ng seleksyon sa PWT ay ibinibigay sa mga nagmamatrikulang estudyante ng PWT at mga mag-aaral na may mga kapatid sa programang PWT, habang nagpapatuloy sa parehong paaralan ng PWT sa parehong taon. Ang natitirang pwesto sa PWT ay sapalarang itatalaga.

**MGA GABAY SA APLIKASYON:**

- Huwag magsumite ng bagong aplikasyon kung ang iyong anak ay kasalukuyang nakatala sa programa ng PWT at nais na magpatuloy sa parehong paaralan.
- Ang mga aplikanteng kasalukuyang nakatala sa programa ng PWT na nag-a-aplay at napili sa isang programa ng Magnet ay awtomatikong aalisin sa kanilang kasalukuyang programang PWT, tanggapin man nila o tanggihan.
- Kung napili, maaaring tanggapin o tanggihan ng magulang/tagapag-alaga sa online o sa pamamagitan ng pagtawag sa paaralan bago ang huling araw na nakalagay sa liham ng pagpili. **Kung ang magulang/tagapag-alaga ay hindi tumugon sa huling oras, ito ay ituturing na pagtanggi.**
- Ang mga aplikante ay DAPAT residente ng Los Angeles Unified sa oras ng aplikasyon at habang nakikilahok sa programa ng PWT. **Ang mga post office box ay hindi tinatanggap.**
- Ang Permits with Transportation (PWT) ay mga programang iniutos ng Hukuman na nangangailangan ng pagpili ng mga magulang ng ISANG kategorya ng pederal na kinilalang etnisidad/lahi sa aplikasyon. Piliin ang opsyon sa tabi ng etnisidad o lahi na pinakamahusay na naglalarawan sa bata kung saan ka nag-a-aplay. Maaari mong punan ang tugon na "Multi-etniko" upang ipahiwatig na ang aplikante ay kinilala bilang higit sa isang etnisidad/lahi ngunit HINDI mapoproseso ang iyong aplikasyon maliban kung pipiliin mo ang isa sa mga kategorya ng etnisidad/lahi na kinikilala ng pederal.

### MAY TRANSPORTASYON BA?

Oo, ang PWT ay isang programa na nagbibigay ng transportasyon sa mga sumusunod na paaralang hindi PHBAO: Portola MS, Revere MS at Taft High School.

### SINO ANG MAAARI KONG MAKA-UGNAYAN PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Mangyaring makipag-ugnayan sa Choices Support Line sa (213) 241-4177 kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa PWT.

# MULTILINGWAL MULTIKULTURAL
# NA MGA PROGRAMA SA EDUKASYON

## EDUKASYON SA DALAWANG WIKA
## INTERNATIONAL NEWCOMER ACADEMIES

## IMPORMASYON SA PROGRAMA NG DUAL LANGUAGE EDUCATION

### ANO ANG MGA PROGRAMA NG DUAL LANGUAGE EDUCATION?

Ang mga programa ng Dual Language Education (DLE) ay nag-aalok ng pagtuturo ayon sa antas ng grado, pagpapaunlad ng kakayahan sa dalawang wika at pag-aaral ng sosyokultural sa mga estudyante gamit ang dalawang wika: Ingles at isang target na wika. Ang layunin ay paunlarin ang kognitibo, akademiko, at sosyokultural na kakayahan, kung saan parehong wika at kultura ay pinahahalagahan at iginagalang sa pamamagitan ng pagkilala at paaggamit ng kanilang mga lingguwistiko at kultural na yaman. Ang LA Unified ay nag-aalok ng mahigit 230 mga programa sa Universal Transitional Kindergarten (UTK) hanggang ika-12 baitang.

Ang mga mag-aaral sa mga programa ng DLE ay may pagkakataon na maging bilingguwal, biliterado, at may kakayahang pangkultura bilang mga lider sa kanilang komunidad at sa ating pandaigdigang lipunan. Ang DLE ay nag-aalok ng mga programa sa Arabic, Armenian, French, Japanese, Korean, Mandarin, at Spanish. Ang mga mga programa ng DLE ay matatagpuan sa mga paaralan sa mga tirahan na nagbibigay-daan sa mga estudyante sa programang ito na makilahok sa mga karaniwang karanasan/kaganapan sa paaralan at nag-uudyok ng pakikilahok at pagsasangkot ng pamilya. Mangyaring tingnan ang pahina 47-55 upang suriin ang impormasyon ng programa ng DLE sa brosyur na ito upang matukoy ang mga programang angkop sa mga pangangailangan ng iyong anak.

### ANO ANG MGA LAYUNIIN NG INSTUKSYUNAL NA PROGRAMA?

Layunin ng LA Unified na pataasin ang bilang ng mga magtatapos na senior na bilingguwal at biliterado. Ito ay nakakamit sa pamamagitan ng mga programa ng Dual Language Education (DLE) at World Languages and Cultures (WLC) na mga kurso, na nagsisimula sa Universal Transitional Kindergarten hanggang ika-12 na baitang. Ang mga programang ito ay nagpapaunlad ng akademikong wika at sosyokultural na kakayahan. Ang mga estudyante ay may pagkakataong makakuha ng mga parangal sa pamamagitan ng pagtugon sa mga tiyak na pamantayan simula sa UTK Promise to Bilingualism Award. Sa patuloy na pag-aaral ng mga estudyante, nagkakaroon sila ng pagkakataong makakuha ng mga parangal sa kindergarten, ika-1, ika-3, ika-5, at ika- 8 baitang. Sa ika-12 baitang, ang mga estudyanteng nakamit ang mga pamantayan sa kasanayan sa maraming wika ay ipapakita sa Los Angeles Unified at/o ng California Department of Education State Seal of Biliteracy.

### SINO ANG KARAPAT-DAPAT?

Ang mga programa ng DLE ay idinisenyo upang magbigay ng suporta para sa isang malawak na hanay ng mga nag-aaral ng wika:

- English Learners (EL): Mga estudyanteng nasa proseso ng pag-aaral ng Ingles bilang karagdagang wika
  - TANDAAN: Ang mga programa ng DLE ay bukas para sa mga pamilyang bago sa bansa, English Learners na bagong dating na International Newcomers, na nagsasalita ng target na wika ng programa ng DLE, anuman ang pakikilahok sa isang programa ng DLE.
- Initially Fluent English Proficient (IFEP): Mga estudyanteng nagpapakita ng kahusayan sa Ingles mula pa sa simula.
- Reclassified Fluent English Proficient (RFEP): Mga estudyanteng dating nakategorya bilang English Learners at nakapagpakita ng kahusayan at kasanayan sa Ingles.
- English Only (EO): Mga estudyanteng ang wika sa tahanan ay Ingles lamang.

#### Anong mga Programa ng Dual Language Education ang Available para sa Mga Nag-aaral ng Wika?

Ang distrito ay nagbibigay ng tatlong programang Dual Language Education (DLE), Two-Way Immersion, One-Way Immersion, at World Language Immersion.

#### Programa ng Two-Way Immersion (TWI):

Ang programang modelong ito ay nagsasama ng mga katutubong nagsasalita ng Ingles at mga katutubong nagsasalita ng target na wika, na nagbibigay sa lahat ng estudyante ng akses sa akademikong pagtuturo sa parehong wika.

<u>Mga Kwalipikadong na Mag-aral ng Wika:</u>

- English Learners (EL)
- Initially Fluent English Proficient (IFEP)
- Reclassified Fluent English Proficient (RFEP) English Only (EO)

<u>Mga Kwalipikadong Baitang UTK, K, and 1</u>
English Learners (ELs) na nagsasalita ng target na wika ng programa

Mga Nagsasalita ng Ingles (EO, IFEP, RFEP)

<u>Mga Kwalipikadong Baitang 2-12*</u>
English Learners (ELs) na nagsasalita ng target na wika ng programa.

Mga Nagsasalita ng Ingles (EO, IFEP, RFEP) na dating lumahok sa isang DLE na programa na may parehong target na wika.

*Ang pagbe-beripika ng target na wika ay kakailanganin para sa mga estudyanteng bago sa LA Unified at mga estudyanteng bago sa isang DLE na programa sa mga baitang 2-12 na walang karanasan sa DLE.

| Tinatayang 50% ng Bawat Pangkat ng Wika | |
|---|---|
| **Mga English Learners na nagsasalita ng target na wika ng programa** | **Mga Nagsasalita ng Ingles (EO, IFEP, RFEP)** |

Sa deadline ng pagsusumite, kung mayroong mas mababa sa 50 porsyento ng English Language Learners (ELs), o mga Nagsasalita ng Ingles upang makabuo ng balanseng komposisyon ng silid-aralan, ang ratio ng pagtatalaga ay binubuo ng hangggang 2/3 mula sa alinman sa pangkat ng wika.

## IMPORMASYON SA MGA PROGRAMANG DUAL LANGUAGE EDUCATION

### Programa ng One-Way Immersion (OWI):

Ang programang ito ay para sa mga English Learners na ang pangunahing wika sa tahanan ay ang target na wika ng pagtuturo. Ang layunin ng programa ay tulungan ang mga estudyante na makamit ang kasanayan sa Ingles habang pinapanatili ang kanilang wika sa tahanan.

- **Mga Kwalipikadong Nag-aaral ng Wika para sa Baitang UTK-12—**English Learners (ELs) na nagsasalita ng target na wika ng programa kabilang ang mga International Newcomers

| ANG BUONG KLASE |
|---|
| **Mga English Learners na nagsasalita ng target na wika ng programa** |

### Programa ng World Language Immersion (WLI): Komposisyon sa Silid-aralan

Isang programang modelo na nagbibigay sa mga estudyanteng nagsasalita ng Ingles ng akses sa nilalaman ng akademiko kasama ang nakatutok na pagtuturo ng pangalawang wika. Ang layunin ng programa ay tulungan ang mga estudyante na paunlarin ang kasanayan sa pangalawang wika bilang karagdagan sa Ingles.

Mga Kwalipikadong Mag-aral ng Wika:

- English Only (EO) na mga estudyante
- Initially Fluent English Proficient (IFEP) na mga estudyante
- Reclassified Fluent English Proficient (RFEP) na mga estudyante
- English Learners (ELs) na nagsasalita ng target na wika ng programa (Ayon sa kahilingan ng magulang)

Mga Kwalipikadong Baitang UTK, K, and 1

- Mga Nagsasalita ng Ingles (EO, IFEP, RFEP)
- English Learners (ELs) na nagsasalita ng target na wika ng programa (Ayon sa kahilingan ng magulang)


Mga Kwalipikadong Baitang 2-12*

- Mga Nagsasalita ng Ingles (EO, IFEP, RFEP) na dati nang lumahok sa isang DLE na program na may parehong target na wika
- English Learners (ELs) na nagsasalita ng target na wika ng programa (Ayon sa kahilingan ng magulang)
- * Ang pagbe-beripika ng target na wika ay kakailanganin para sa mga estudyanteng bago sa LA Unified at mga estudyanteng bago sa isang DLE na programa sa mga baitang 2-12 na walang karanasan sa DLE.

| KARAMIHAN SA KLASE |
|---|
| **MGA NAGSASALITA NG INGLES (EO, IFEP, RFEP)** |

### PAANO PINIPILI ANG MGA ESTUDYANTE?

Ang mga prayoridad sa pagpili para sa mga aplikante ay ilalapat sa sumusunod na pagkakasunod-sunod.



Ang mga paaralan may simbolo ay nagsasaad ng mga Programa ng Dual Language Education na may alternatibong proseso ng pagpili. Mangyaring makipag-ugnayan nang direkta sa paaralan para sa karagdagang impormasyon.



## IMPORMASYON SA MGA PROGRAMA NG DUAL LANGUAGE EDUCATION

Kung mayroong mas maraming kwalipikadong aplikante kaysa sa mga upuang na magagamit, ang pagbibigay ng mga upuan sa programa sa mga estudyante ay batay sa prayoridad ng pagkakasunod-sunod. Walang mga puntos sa prayoridad para sa mga programa ng Dual Language Education. Kung ang bilang ng mga aplikante ay lumampas sa bilang ng mga bakanteng puwesto sa isang itinakdang baitang, ang estudyante ay ilalagay sa listahan ng naghihintay.

### NASA-ORAS NA APLIKASYON

Sa pagsusumite ng aplikasyon sa tamang oras, ang estudyante ay maaaring mag-aplay sa hanggang tatlong magkakaibang DLE na mga programa. Ang on-time na aplikasyon ay maaaring para sa isa, at ang pangalawa at pangatlo ay opsyonal.

- Kung ang aplikasyon para sa unang pagpipilian ay walang maaring puwestuhan, ang aplikasyon ay isasaalang-alang para sa pangalawang pagpipilian at/o pangatlong pagpipilian.
- Kung inaalok ang pagtanggap, ang aplikante ay hindi ilalagay sa listahan ng naghihintay para sa ibang mga pagpipilian.
- Ang aplikante ay ilalagay sa waiting list para sa kanilang unang pagpipilian lamang kung walang puwesto na inaalok para sa alinman sa kanilang mga pagpipilian.
- Ang estudyante ay mananatili sa waiting list kahit na tinanggap o tinanggihan nila ang alok ng ibang programa.
- Ang paaralan ay magbibigay-alam sa mga magulang ng mga estudyanteng nasa listahan ng naghihintay kung may puwesto na makukuha. Walang kinakailangang karagdagang aksyon mula sa mga magulang ng mga estudyanteng nasa on-time o late na listahan ng naghihintay.

**Pag-uuri ng Wika**

Ang opisyal na klasipikasyon ng wika ng isang estudyante ay tinutukoy ng paaralan matapos ang pag-enroll batay sa Home Language Survey (HLS).

**Pahintulot ng Inter-District**

Kapag naialok na ang placement, ang mga tinanggap na aplikante na nakatira sa labas ng hangganan ng LA Unified ay kinakailangang kumuha ng Inter-District Permit. Ang Office of Permits and Student Transfers ang responsable sa pagsusuri at pagproseso ng lahat ng kahilingan para sa inter-district permit, maging ito man ay papasok o palabas ng LA Unified. Para sa karagdagang impormasyon at link sa proseso ng Inter-District Permit, maaring bisitahin ang studentpermits.lausd.net o makipag-ugnayan sa Permits Support Line sa (213) 584-6862.

**Universal Transitional Kindergarten (UTK)**

Ang ilang Dual Language Education na programang paaralan ay nag-aalok ng Universal Transitional Kindergarten (UTK) na programa. Mangyaring makipag-ugnayan sa mga indibidwal na paaralan para sa mga kinakailangan sa edad at karagdagang impormasyon.

### MAY TRANSPORTASYON BA?

Maaaring mayroong transportasyon para sa mga estudyanteng lumalahok sa mga Choices na programa. Mangyaring bisitahin ang website ng Transportation Services Division sa www.lausd.org/transportation upang kumpletuhin ang opt-in na proseso o makipag-usap sa isang administrador sa iyong paaralan upang magtanong tungkol sa mga opsyon sa transportasyon.

### SINO ANG MAAARI KONG MAKA-UGNAYAN PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Mangyaring makipag-ugnayan sa Choices Support Line sa (213) 241-4177 kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa Dual Language Education programs.

## IMPORMASYON I SA MGA NTERNATIONAL NEWCOMER ACADEMIES

### ANO ANG MGA INTERNATIONAL NEWCOMER ACADEMIES?

Ang International Newcomer Academy (INA) ay isang learning academy na nilayon para sa English Language Learners (ELs) na hindi ipinanganak sa US na mga mag-aaral sa High School at naka-enroll sa mga paaralan sa U.S. sa loob ng 0-3 taon o mas kaunti. Ang programa ay idinisenyo upang suportahan ang pormal na akademikong Ingles, pagkamit ng pangalawang nilalaman, matugunan ang mga kinakailangan ng A-G para sa pagtatapos, tumuon sa pag-aaral batay sa proyekto, at sinadyang pagtuturo ng wika. Ang mga mag-aaral ay aktibong nakikibahagi sa mga tema na nauugnay sa buong mundo at ginagamit ang pangunahing wika ng mga mag-aaral upang makakuha ng bagong kaalaman. Ang isang pangako sa panlipunang emosyonal na pagtuturo, pag-unlad ng komunidad na nakabatay sa asset at kultura ay mahalaga sa kurikulum.

### ANO ANG MGA LAYUNIN NG INSTRUKSYONAL NA PROGRAMA?

Ang mga mag-aaral na nakatala sa International Newcomer Academy ay tumatanggap ng kurikulum na may kasamang wika sa pang-araw-araw na pagtuturo. Tinuturuan sila ng wika kasabay ng nilalaman upang mapadali ang talakayan sa akademiko, pagtatanong, at teamwork. Ang mga mag-aaral ay nakikipagtulungan sa kanilang mga kasama upang mabuo ang kanilang pag-unawa sa paksa. Ang mga tema na may kaugnayan sa kultura at pandaigdig ay nakasama sa kurikulum, na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na lumikha ng mga pandaigdigang koneksyon, koneksyon sa kanilang mga komunidad, at sa mundo. Ang adhikain ng akademya ay magkaroon ng mga multilinggwal na mag-aaral na makapagtapos ng kolehiyo at karera na handa nang may kasanayan sa parehong wikang dinadala nila sa akademya at akademikong Ingles.

### SINO ANG MAAARING KUMUHA?

Ang mga estudyanteng nasa High School na hindi ipinanganak sa U.S. at nakapag-enroll sa mga paaralan sa U.S. 0-3 taon o mas mababa pa na nagsasalita
ng ibang wika bukod sa Ingles ay kwalipikado upang lumahok at samakatuwid ay mapipili.

### PAANO PINIPILI ANG MGA MAG-AARAL?

Ang mga residenteng estudyante mula sa Belmont High School at Bernstein High School ay dapat mag-aplay sa pamamagitan ng Zones of Choice (ZOC). Kung nais ng isang magulang/tagapag-alaga na ang kanilang anak ay pumasok sa isang International Newcomer Academy (INA) sa loob ng kanilang ZOC, kinakailangan ng magulang/tagapag-alaga na:

- pumili ng site bilang kanilang unang pagpipilian sa panahon ng proseso ng pagpili ng ZOC..
- kumpletuhin ang placement appeal sa pamamagitan ng ZOC office kung ang INA site ay itinuturing na unang pagpipilian sa ZOC application at ang estudyante ay hindi naitalaga sa INA.

Ang mga estudyanteng naitalaga sa isang itinakdang INA sa pamamagitan ng proseso ng ZOC at nakakatugon sa mga kinakailangan ay mapipili upang dumalo sa INA ng site na iyon. Ang mga non-residenteng estudyante mula sa Belmont HS at Bernstein HS na nais lumahok sa INA ay kinakailangang magsumite ng Choices na aplikasyon.

Ang Van Nuys High School at Monroe High School ay hindi mga ZOC na paaralan. Ang mga hindi residenteng estudyante na nais lumahok sa INA ay dapat magsumite ng Choices na aplikasyon. Ang mga residenteng estudyante ay dapat mag-enroll sa site ng paaralan.

Para sa impormasyon tungkol sa ZOC, mangyaring makipag-ugnayan sa ZOC office sa (213) 241-0466 o mag-email sa zoc@lausd.net.

### MAY TRANSPORTASYON BA?

Maaaring mayroong transportasyon para sa mga estudyanteng lumalahok sa mga Choices na programa. Mangyaring bisitahin ang website ng Transportation Services Division sa www.lausd.org/transportation upang kumpletuhin ang opt-in na proseso o makipag-usap sa isang administrador sa iyong paaralan upang magtanong tungkol sa mga opsyon sa transportasyon.

### SINO ANG MAAARI KONG MAKA-UGNAYAN PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Mangyaring makipag-ugnayan sa Choices Support Line sa (213) 241-4177 kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa Dual Language Education programs.

# MGA PAARALAN SA ADVANCE NA KAALAMAN (SAS)

## IMPORMASYON SA MGA PAARALAN NG ADVANCE NA KAALAMAN

### ANO ANG MGA PAARALAN PARA SA MGA ADVANCE NA PAG-AARAL?

Ang mga may likas na kaalaman/talentadong mag-aaral ay nagpapakita ng katibayan ng mataas na tagumpay sa isang natukoy na aspeto at nangangailangan ng mga espesyal na serbisyo at suporta upang lubos na mapaunlad ang kanilang potensyal at masuportahan ang kanilang tagumpay sa akademiko. Ang mga May Likas na Kaalaman/Talentado na Programa, Advanced Learning Options, ay nakatuon sa pagtiyak na ang natatanging akademiko at panlipunan-emosyonal na mga pangangailangan ng mga mahuhusay na mag-aaral ay natutugunan sa bawat eskwelahan sa K-12 District, kabilang ang mga lokal na paaralan ng paninirahan. Ang bawat paaralan sa Los Angeles Unified na may mga natukoy o naberipikang may talentong mga mag- aaral, anuman ang uri ng programa, ay dapat mag-grupo ng mga mahuhusay/talentadong mag-aaral para sa pagtuturo at magbigay ng makabuluhang magkakaiba-ibang mga pagkakataon sa pag-aaral na humahamon sa mga mag-aaral na makamit ang higit sa mga pamantayan at inaasahan na nakabatay sa baitang.

Ang mga pook ng demonstrasyon ng Schools for Advanced Studies ay tumatanggap ng SAS na pagtatalaga para sa kanilang huwarang pagpapatupad ng Gifted and Talented Education (GATE). Ang pagtatalaga ng Schools for Advanced Studies, na unang ipinatupad noong 1998–1999 na taon ng eskwela, ay nilikha upang kilalanin ang mga huwarang modelo ng paaralan ng mga makabago, pantay at epektibong mga GATE sa buong distrito. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mataas na kalidad at naiibang pagtuturo na may diin sa lalim, pagiging kumplikado, pagpapabilis at bago, nag-aalok ang mga pook ng SAS ng mataas na antas ng mga pagkakataong pang-akademiko na nakatutugon sa mga natatanging pangangailangang pang-edukasyon ng mga mag-aaral ng K–12 na may talento, na tinukoy sa Intellectual Ability, High Achievement Ability, Tukoy na Academic Ability, Creative Ability at Leadership Ability na mga kategorya o naberipika batay sa tagumpay o kritikal na pag-iisip at mga kasanayan sa paglutas ng problema. Ang mga residenteng paaralan ay dapat sumailalim sa isang mahigpit na proseso ng aplikasyon tuwing limang taon upang makuha o mapanatili ang pagtatalaga ng SAS.

### ANO ANG MGA LAYUNIN NG INSTRUSKSUONAL NA PROGRAMA?

Ang layunin ng Gifted/Talented Programs ay kilalanin ang mga magagaling at mahuhusay na mag-aaral, kabilang ang mga mula sa magkakaibang lahi, sosyo-ekonomiko, lingguwistika at kultural na background, at magbigay ng mataas na kalidad na magkakaibang mga pagkakataon para sa pag-aaral na nagpapaunlad at nagpapasulong ng mga natatanging kakayahan at talento ng mga mag-aaral.

Ang pagtatalaga ng Schools for Advanced Studies ay sumasalamin sa pangako ng Distrito na tiyakin ang pantay na pag-access, kahusayan at pananagutan sa mataas na kalidad na mga programa ng GATE sa buong distrito. Ang mga pook ng SAS ay nagsisilbing mga sentro ng pagpapakita ng Distrito para sa makabago at nakabatay sa pananaliksik na naiibang kurikulum at pagtuturo para sa mga nag-aaral na may likas na kakayahan/mataas na kakayahan sa maraming kategorya. Ang mga pook ng Schools for Advanced Studies ay may napatunayang dedikasyon at kakayahang mag-alok ng isang napapanatili, lubos na epektibo, huwarang programa ng GATE na kinabibilangan ng mahahalagang bahagi ng programa ng GATE: 1) Gifted Identification, 2) Instruksyon at Academic Achievement ng GATE Learners, 3) May Kaalaman at May Kasanayang mga Kawani sa Gifted Education at 4) Magulang, Pamilya at Pakikipag- ugnayan sa Komunidad.

Ang pagkakaiba ay isang mahalagang bahagi ng pagtiyak na ang mga natatanging pangangailangang pang-edukasyon ng mga mahuhusay/talentadong mag-aaral ay angkop na natutugunan sa silid-aralan ng GATE/SAS. Ang differentiated programming ay hindi "higit sa pareho" o simpleng pagpapabilis ng aralin/bilis, ngunit kasama rin ang lalim, pagiging kumplikado at bago. Ang GATE/SAS cluster grouping ay nagbibigay-daan sa mga paaralan na magbigay ng mas mapanghamong coursework, na nagbibigay sa mga mag-aaral na may likas na kakayahan/mataas na kakayahan ng araw-araw na access sa advance na aralin at bagong kaalaman, pati na rin ang pagbibigay sa mga mag-aaral ng isang academic peer group sa mga pangunahing paksa.

### PAANO NAGSASANAY ANG MGA GURO?

Ang mga may likas ang kakayahan/talentadong mag-aaral ay dapat turuan ng mga gurong may kaalaman, may kasanayan sa pagkakaiba-iba ng kurikulum at pagtuturo upang masuportahan at maisulong ang kanilang pag-aaral. Dahil dito, ang GATE ng propesyonal na pag-unlad – espesyal na pagsasanay tungkol sa mga mahuhusay na mag-aaral at kung paano sila pinakamahusay na natututo – ay isang mahalaga at patuloy na bahagi ng mga inaasahan para sa mga guro at administrador ng SAS. Ang programa ng GATE ng bawat paaralan ay dapat na suportado ng mga administrador, tagapag-ugnay ng GATE at kawani ng suporta sa pagtuturo na may nabuong kadalubhasaan sa GATE. Ang mga guro at tagapangasiwa ng SAS ay kinakailangan na lumahok taun-taon sa propesyonal na pag-unlad na partikular na iniakma upang matugunan ang mga natatanging akademiko at panlipunan-emosyonal na mga pangangailangan ng mga may likas na kakayahan/talentadong mag-aaral upang matiyak na ang kurikulum at pagtuturo (aralin, proseso at produkto) ay pinag-isipang naiiba upang itaguyod ang isang kultura ng pagkamakatao, pagkamahigpit, tagumpay at pagbabago.

### SINO ANG KARAPAT-DAPAT?

- Ang mga mag-aaral na naninirahan sa loob ng mga hangganan ng paaralan ng isang itinalagang pook ng SAS na nakatutugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat ay dapat ilagay sa programang may likas ang kaalaman/talentado ng SAS sa pook (maliban kung ang isang magulang ay nag-opt out). Ang lahat ng mga kwalipikadong mag-aaral na naninirahan sa loob ng mga hangganan ng paaralan ay dapat na matanggap bago ang sinumang aplikante mula sa labas ng mga hangganan ng paaralan ay ma-enroll. **Walang kinakailangang pormal na aplikasyon para sa isang kwalipikadong mag-aaral na naninirahan sa loob ng mga hangganan ng paaralan dahil ang SAS ay ang programang GATE sa pagtuturo ng pook ng paaralan para sa mga estudyante nito.**

- Lahat ng mga mag-aaral sa mga baitang Pre-K–11 na naninirahan sa loob ng hangganan ng Los Angeles Unified ngunit nasa labas ng mga hangganan ng paaralan at nakakatugon sa isa sa tatlong pamantayan sa pagiging karapat-dapat ay kwalipikadong mag-aplay para lumahok sa SAS sa susunod na taon. Para sa mga aplikante ng SAS, ang guro at punong-guro ng kasalukuyang dinadaluhang paaralan ng isang mag-aaral ay may pananagutan sa pagtukoy kung natutugunan ng mag-aaral ang hindi bababa sa isa sa tatlong pamantayan sa pagiging karapat-dapat.

- Responsibilidad ng magulang/tagapag-alaga sa pribadong paaralan, independiyenteng charter at mga hindi-Los Angeles Unified na aplikante (kabilang ang mga papasok na kindergarten SAS na aplikante) na tiyakin na ang naaangkop na form ng ***Pagpapatunay ng Kwalipikasyon*** **AT** aplikasyon sa Choices ay isinumite bago ang huling oras. Dapat makipag-ugnayan sa GATE@lausd.net ang mga aplikanteng nasa homeschool o hindi nakatala sa preschool/TK para sa impormasyon sa pagberipika bago ang huling oras.

- Para sa impormasyon tungkol sa pagberipika ng mga rekwayrment sa pagiging karapat-dapat, sumangguni sa mga pahina 7-8 ng pulyetong ito.

## Ang mga aplikante sa SAS ay dapat magkamit ng minimum na ISA sa Tatlong Pamantayan sa Pagiging Karapat-dapat:

PARA ANG APLIKANTE NA MAGING KARAPAT-DAPAT PARA SA MGA PAARALAN PARA SA MGA ADVANCED NA PAG-AARAL, ANG MAG-AARAL AY DAPAT NA PATUNAYAN NA NAKAMIT ANG ISA SA MGA SUMUSUNOD NA KRITERIA BAGO ANG BIYERNES, DISYEMBRE 6, 2024, 5:00 P.M.

**A** **Ang mag-aaral ay kinilala bilang likas na matalino ng isang Los Angeles Unified na itinalagang sikolohista ng GATE sa Intellectual Ability, High Achievement Ability, Specific Academic Ability, Creative Ability o kategoryang Leadership Ability.** **O**

**B** **Naka-iskor ang mag-aaral sa hanay ng Standard Exceeded sa 2023 Smarter Balanced Assessment (SBA) o nakatanggap ng national percentile score na 85 o pataas sa isang inaprubahan ng District na standardized norm-referenced na pagsusulit sa parehong English Language Arts at Mathematics (pinakabagong taon lamang). Tingnan ang Verification of Eligibility form para sa mga kwalipikadong subtest.** **O**

**C** **Ipinakita ng mag-aaral ang kakayahang matugunan ang LAHAT NG APAT na kritikal na pag-iisip at mga kasanayan sa paglutas ng problema (sa pangunahing wika):**

a) Ipaliwanag ang mga kahulugan o ugnayan sa pagitan ng mga katotohanan, impormasyon, o konsepto na nagpapakita ng lalim at komplikasyon.

b) Bumuo ng mga bagong ideya o solusyon at palawakin ang impormasyon.

c) Gumamit ng alternatibong mga pamamaraan sa paglapit sa mga bagong o hindi pamilyar na problemang matematika.

d) Gumamit ng masusing bokabularyo nang madali at tumpak upang ipahayag ang mga malikhaing ideya.

Ang dinadaluhang paaralan ay tutukoy kung ang iyong anak ay nagpapakita ng lahat ng apat na kritikal na pag-iisip at mga kasanayan sa paglutas ng problema. Ang mga aplikanteng naberipika sa pamamagitan ng apat na kritikal na pag-iisip at pamantayan ng mga kasanayan sa paglutas ng problema ay dapat ding magpakita ng kakayahan o malakas na potensyal na magtrabaho nang dalawang taon sa itaas ng antas ng baitang sa mga akademikong paksa. TANDAAN: Ang mga aplikante sa Kindergarten SAS ay dapat ding maberipika gamit ang SAS kindergarten-specific na pamantayan sa form ng ***Pagpapatunay ng Kwalipikasyon (SAS Kindergarten)***. Ang rekomendasyon na isinumite ng kasalukuyang dinadaluhang paaralan ay pinal.

Upang matiyak ang pantay na pag-access, bawat isa sa tatlong pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa SAS ay may pantay na bigat sa proseso ng pagpili. Samakatuwid, ang priyoridad na paglalagay ay hindi maaaring ibigay sa mga mag-aaral na kinilala bilang likas na matalino/highly gifted o sa mga nakakatugon sa pamantayan ng marka ng pagsusulit. Para sa mga katanungan na may kaugnayan sa gifted identification o SAS eligibility, makipag-ugnayan sa Gifted/Talented Programs sa (213) 241-4177 o GATE@lausd.net.

## Pamantayan sa Pagiging Karapat-dapat sa KINDERGARTEN SAS

Ang Schools for Advanced Studies ay isang K-12 site na designasyon. Hindi available ang mga klase sa transisyonal na kindergarten (TK) SAS. Ang lahat ng aplikante ng SAS sa kindergarten ay dapat maberipika ng administrador ng preschool o ng programang transisyonal na kindergarten bilang nakatutugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat (ibig sabihin, lahat ng apat na kritikal na pag-iisip at mga kasanayan sa paglutas ng problema), pati na rin ang minimum na 10 sa 20 sa ispesipikong kriterya ng SAS kindergarten:

- Maaaring magtrabaho mag-isa na may katibayan ng pag-uugaling dinidirekta ng layunin
- Gumagamit ng mga salitang naglalarawan sa mga pangungusap at gumagamit ng wika upang ipahayag ang mga damdamin, ideya at opinyon (sa pangunahing wika)
- Maaaring magkuwento o muling magsalaysay ng kuwento na may detalyadong paglalarawan at pagpapahayag (sa pangunahing wika)
- Maaaring kilalanin at ulitin ang mga kumplikadong pagkakasunud-sunod ng pattern at lumikha ng sariling mga pattern
- Maaaring sundin ang mga multi-step na direksyon na may kaunting gabay o pag-redirect
- Kinikilala ang mga titik A hanggang Z, alam ang mga tunog ng lahat ng mga titik ng alpabeto at maaaring sumulat ng marami sa mga titik
- May kakayahang pasalitang magbilang hanggang 100, biswal na makilala ang mga numero mula 1 hanggang 100 at isulat ang mga numero 1 hanggang 25
- Nagpapakita ng likas o pinabilis na pag-unawa sa pagdaragdag, pagbabawas, pagpaparami at paghahati
- Nagpapakita ng matinding pagmamalasakit sa iba at sa kanilang mga damdamin; malakas na pakiramdam ng hustisya
- Nagsisimula ng mga sesyon ng paglalaro, nagko-coordinate at nagsasama ng maraming pantulong na tungkulin at isinasaalang-alang ang mga aksyon ng iba
- Uses Gumagamit ng mga hindi kinaugalian na bagay sa mga aktibidad sa paglalaro
- Madaling nakikipag-ugnayan sa mga kamag-aral; madalas na hinahanap ng mga kamag-aral para sa pagsasama, ideya at desisyon
- Nagpapakita ng mature sense of humor; tumutugon at lumilikha ng mga bugtong at pandiwang asosasyon
- Nagpapakita ng katibayan ng pangangatwiran, lohikal na pag-iisip, pagkamalikhain at kusang pagsasama ng mga aktibidad sa akademiko sa libreng paglalaro
- Nagpapahayag ng mga ideya, naghahanap ng impormasyon sa pamamagitan ng pagtatanong at nasisiyahan sa pakikipag-ugnayan sa salita sa mga matatanda at mas matatandang bata
- Nagpapakita ng masulong na dedikasyon sa gawain at enerhiya kapag nag-aaral

- Nagagawang matandaan ang impormasyon at mga karanasan (hal., maaaring bigkasin ang mga lyrics ng kanta, maalala ang mga katotohanan) at gumawa ng mga koneksyon
- Nagagawang makilala ang mga salita sa paningin at basahin nang may katatasan at pang-unawa
- May kakayahang matandaan ang kumplikadong impormasyon at mag-decode ng mga simbolikong sistema (hal., mga mapa, mga koda)
- Nagpapakita ng pagkamausisa; nagpapakita ng hindi inaasahang lalim ng kaalaman sa isa o higit pang mga aspeto

Para sa mga aplikante sa kindergarten na hindi nakatala sa preschool o TK, ang mga magulang/tagapag-alaga ay dapat makipag-ugnayan sa Gifted/Talented Programs sa (213) 241-4177 o GATE@lausd.net para sa impormasyon tungkol sa mga pamamaraan ng pagberipika bago ang Biyernes, Disyembre 6, 2024. Maaari mo ring bisitahin ang website ng Gifted/Talented Programs sa achieve.lausd.net/gate (piliin ang Program Options at SAS).

## PAANO NAPIPILI ANG MGA MAG-AARAL?

Ang mga aplikante ng SAS na nakatutugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat at naninirahan sa labas ng mga hangganan ng paaralan, ngunit sa loob ng hangganan ng Los Angeles Unified, ay maaaring mapili para sa paglahok pagkatapos mapaunlakan ang mga mag-aaral na naninirahan sa loob ng mga hangganan ng isang itinalagang SAS site.

① Magkapatid na naninirahan sa loob ng hangganan ng Los Angeles Unified (dapat matugunan ang mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat sa SAS)

② Mga estudyanteng naninirahan sa loob ng hangganan ng Los Angeles Unified (dapat matugunan ang mga pamantayan ng paagiging karapat-dapat sa SAS)

Kung mayroong mas maraming kwalipikadong aplikante kaysa sa mga puwang na magagamit sa paaralan, isang sapalaran, walang pinapanigan na proseso ng pagpili ang isasagawa. Ang mga kapatid ng kasalukuyang mga mag-aaral sa parehong paaralan/programa ay may priyoridad para sa pagdalo hangga't ang mga residenteng estudyante ay hindi nalilikas. Walang priority point accrual na proseso para sa Schools for Advanced Studies. Ang mga priority point ay ginagamit lamang ng Programang Magnet.

Kung hindi napili sa kanilang unang pagpipilian, ang aplikante ay isasaalang-alang para sa kanilang pangalawa at/o pangatlong pagpipilian. Kung napili sa alinman sa kanilang mga pagpipilian, ang aplikante ay hindi mapapabilang sa listahan ng naghihintay para sa iba pang (mga) pagpipilian. Kung hindi napili sa isang site ng SAS, ang aplikante ay ilalagay sa listahan ng naghihintay para sa kanilang unang pagpipilian lamang.

## PAANO AKO MAG-A-APLAY SA ISANG KAANIB NA CHARTER SITE NA NAITALAGANG SAS?

Ang mga mag-aaral na interesado sa isang SAS gifted/talented na programa sa isang Kaanib na Charter School site ay dapat mag-aplay, at mapili sa, Kaanib na Charter School. Ang aplikasyon at pagpili sa isang Kaanib na Charter School ay isinasagawa sa pamamagitan ng taunang loterya sa pamamagitan ng proseso ng aplikasyon ng Choices. Kung ang isang mag-aaral ay napili para sa isang itinalagang site ng SAS sa pamamagitan ng proseso ng Kaanib na Charter at natutugunan ang isa sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa SAS, ang mag-aaral na ito ay dapat na matanggap sa SAS na likas ang kaalaman/talentado na programa ng site. Para sa mga pamamaraan ng pagpapatala ng Kaanib na Charter School, mangyaring sumangguni sa seksyon ng Kaanib na Charter Schools ng pulyeto na Choices sa pahina 67-70.

## PAANO AKO MAG-A-APLAY SA ISANG ZONES OF CHOICE SITE NA NAITALAGANG SAS?

Kung nais ng isang magulang na pumasok ang kanilang anak sa isang site ng Schools for Advanced Studies (SAS) sa loob ng kanilang Zone of Choice (ZOC), dapat piliin ng mag-aaral sa ika-5, ika-6 o ika-8 baitang ang pook na iyon bilang kanilang unang seleksyon sa panahon ng proseso ng pagpili ng ZOC. Kung ang isang mag-aaral ay inilagay sa isang itinalagang pook ng SAS sa pamamagitan ng prosesong ito ng ZOC at natutugunan ang isa sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa SAS, ang mag-aaral na ito ay dapat na matanggap sa programang May Likas na Kaalaman/Talentado sa pook ng SAS. Ang mga apela sa placement sa opisina ng ZOC ay hindi isasaalang-alang kung hindi pinili ng mag-aaral ang SAS site bilang kanilang unang seleksyon sa aplikasyon ng ZOC. Para sa impormasyon tungkol sa Zones of Choice, makipag-ugnayan sa opisina ng ZOC sa (213) 241-0466 o achieve.lausd.net/zoc.

## MAY TRANSPORTASYON BA?

Maaaring mayroong transportasyon para sa mga estudyanteng lumalahok sa mga Choices na programa. Mangyaring bisitahin ang website ng Transportation Services Division sa www.lausd.org/transportation upang kumpletuhin ang opt-in na proseso o makipag-usap sa isang administrador sa iyong paaralan upang magtanong tungkol sa mga opsyon sa transportasyon.

## SINO ANG MAAARI KONG MAKA-UGNAYAN PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Mangyaring makipag-ugnayan sa Choices Support Line sa (213) 241-4177 o applyforschools@lausd.net kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Mga Paaralan sa Advanced na Kaalaman.





# KAKAIBANG LANDAS NG EDUKASYON (UEP)

## ANO ANG UNIQUE EDUCATION PATHWAYS (UEP)?

Ang mga Paaralan ng Natatanging Landas sa Edukasyon (UEP) ay kinabibilangan ng dalawang Leadership Academies na para sa iisang kasarian na may pokus sa agham, teknolohiya, inhinyeriya, at matematika, mga Early-College Programs na may kasabayang enrollment para sa mga estudyanteng nasa high school, at ang Individual Honors Program (IHP). Bisitahin ang website ng paaralan at tumawag sa paaralan para sa mga sesyon ng impormasyon upang malaman ang natatanging programa at mga inaasahan ng bawat paaralan bago magsumite ng Choices application.

## ANO ANG MGA LAYUNIN NG PROGRAMANG PANG-INSTRUKSYON?

- Kahandaan sa kolehiyo at karera. Nag-aalok ang 4 na paaralan ng ACS ng kasabay na pagpapatala sa kolehiyo:
  - AA degree
  - Daan sa kolehiyo
  - Makakuha ng mga kredito para sa kolehiyo
- Nakatuon ang mga pang-isang-kasariang paaralan sa pamumuno at pagiging handa sa karera ng STEAM.
- Ang Indibidwal na Honors Program (IHP) ay nagbibigay ng masulong at mahigpit na karanasang pang-edukasyon para sa mga mahuhusay at hindi-likas ang galing ngunit masulong na mga mag-aaral.

## SINO ANG KARAPAT-DAPAT?

- Lahat ng mga mag-aaral sa loob ng Los Angeles Unified at sa labas ng Los Angeles Unified ay maaaring mag-aplay.
- Sa Disyembre, ang mga aplikante ay kokontakin ng paaralan upang lumahok sa kanilang proseso ng pagiging kwalipikado.
- Ang mga mag-aaral ay dapat pumasa sa mga rekwayrment sa pagiging karapat-dapat upang magpatuloy sa proseso ng pagpili.
- Dapat matugunan ng mga mag-aaral sa labas ng Distrito ang pamantayan sa pagpasok at kumuha ng permiso sa pagitan ng distrito upang pumasok sa paaaralang ACS.

## PAANO PINIPILI ANG MGA MAG-AARAL?

Ang mga kagustuhan sa pagpili para sa mga aplikante ay ilalapat sa sumusunod na pagkakasunud-sunod:

1. Mga kapatid ng kasalukuyang mag-aaral.
2. Mga mag-aaral na nakatira sa loob ng 5 milyang radius ng napiling paaralan.
3. Mga mag-aaral na naninirahan sa loob ng hangganan ng Los Angeles Unified.
4. Mga mag-aaral na naninirahan sa labas ng hangganan ng Los Angeles Un

## MAY TRANSPORTASYON BA?

Maaaring mayroong transportasyon para sa mga estudyanteng lumalahok sa mga Choices na programa. Mangyaring bisitahin ang website ng Transportation Services Division sa www.lausd.org/transportation upang kumpletuhin ang opt-in na proseso o makipag-usap sa isang administrador sa iyong paaralan upang magtanong tungkol sa mga opsyon sa transportasyon.

## SINO ANG MAAARI KONG MAKA-UGNAYAN PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Mangyaring makipag-ugnayan sa mga paaralan sa ibaba o bisitahin ang kanilang website para sa karagdagang impormasyon tungkol sa partikular na programa.

**MGA KAANIB NA CHARTER SCHOOL**

## IMPORMASYON SA MGA KAANIB NA CHARTER SCHOOLS

### ANO ANG MGA KAANIB NA CHARTER SCHOOLS?

Ang mga kaanib na charter schools ay mga pampublikong paaralan na pinamamahalaan ng Distrito. Karamihan sa mga ito ay naging charter school sa pamamagitan ng isang petisyon. Ang mga kaanib na charter schools ay pinahintulutan ng LAUSD Board of Education at sumusunod sa mga patakaran at pamamaraan ng Distrito. Ang mga paaralang ito ay maaaring may karagdagang kaluwagan at ilang lokal na pamamahala.

### ANO ANG MGA LAYUNIN NG PROGRAMANG INSTRUKSYONAL?

Bawat charter ng paaralan ay may mga natatanging layunin para sa programang pang-edukasyon. Maaari kang makipag-ugnayan sa paaralan para sa karagdagang impormasyon

### SINO ANG KARAPAT-DAPAT?

- Ang mga magulang na nakatira sa hangganan ng pagpasok ng charter school ay may unang pagkakataon at maaaring direktang makipag-ugnayan paaralan para sa enrollment o magsumite ng pre-enrollment registration online sa Enroll.LAUSD.net.
- Ang mga magulang na nakatira sa labas ng hangganan ng pagpasok ng charter school ay maaaring mag-enroll gamit ang Choices application. Ku mas marami ang mga aplikante kaysa sa mga available na puwesto, kinakailangang magsagawa ng sapalaran na pampublikong loterya ang paaral Sa loterya, ang natitirang mga puwesto ay ibinibigay batay sa ilang priyoridad. Walang kinakailangang permit upang makapasok sa isang kaanib charter school.

### HOW ARE STUDENTS SELECTED?

- Dapat mag-enroll ang mga magulang online sa Choices.LAUSD.net o magsumite ng papel na aplikasyon. Mangyaring suriin ang mga petsa ng on-ti na aplikasyon. Ang aplikasyon para sa susunod na taong pampaaralan ay magiging available sa Oktubre.
- Ang mga on-time na aplikante ay isasama sa loterya sa bawat paaralan na kanilang inaaplayan.
- Ang online na aplikasyon ay nagbibigay-daan sa iyo na mag-enroll sa maraming kaanib na charter schools. Kapag nag-aaplay sa maraming paaral walang pagkakasunod-sunod ng priyoridad.
- Ang loterya ay kinakailangan lamang kapag mas marami ang mga aplikante kaysa sa mga available na puwesto. Para sa mga paaralang nagsasaga ng enrollment lotteries, pakitandaan ang mga sumusunod:

    Ipapahayag ng paaralan ang petsa at oras ng loterya sa kanilang website at sa pangunahing opisina.
    Isasagawa ang lottery sa Pebrero.
    Hindi kinakailangang dumalo.
    Sa loterya, ang lahat ng aplikasyon ay pagsasamasamahin ayon sa pagkakasunod-sunod ng priyoridad. Ang mga aplikasyon ay pipiliin na random upang punan ang mga available na puwesto.
    Para sa sinumang hindi napili sa loterya, isang waiting list ang gagawin. Mananatili ang mga estudyante sa listahan ng naghihintay sa loob isang taong pampaaralan lamang.

### MAY TRANSPORTASYON BA?

Maaaring mayroong transportasyon para sa mga estudyanteng lumalahok sa mga Choices na programa. Mangyaring bisitahin ang website ng Transportation Services Division sa www.lausd.org/transportation upang kumpletuhin ang opt-in na proseso o makipag-usap sa isang administrador sa iyong paaralan upang magtanong tungkol sa mga opsyon sa transportasyon.

### SINO ANG MAAARI KONG MAKA-UGNAYAN PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Makipag-ugnayan sa tiyak na kaanib na charter school para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kanilang programa at kung paano mag-enroll. **Ang mga Independent Charter Schools ay hindi kasama sa Choices application.** Makipag-ugnayan sa independent charter school para sa mga katanungan kung paano mag-enroll sa kanilang paaralan.



## IBA PANG PROGRAMA NG L.A. UNIFIED

## BUKAS NA PAGPAPATALA — ACHIEVE.LAUSD.NET/K12OPENENROLLMENT

**Nag-iisip tungkol sa ibang paaralan?**
Ang California, ang K-12 Open Enrollment program ay nagpapahintulot sa mga estudyante na mag-enroll sa ANUMANG paaralan sa Los Angeles Unified school (basta may available na puwesto). Ibig sabihin, maaari mong subukan ang ibang paaralan sa halip na ang itinakdang paaralan. Karaniwang nagbubukas ang mga aplikasyon sa tagsibol (tignan ang eksaktong petsa online sa achieve.lausd.net/k12OpenEnrollment). May limitadong bilang lamang ng mga bakanteng puwesto sa bawat paaralan. Kung mas maraming estudyante ang nag-aaplay kaysa sa mga puwesto, ang mga estudyante ay pipiliin nang random sa isang computer drawing. Ang Open Enrollment ay magandang opsyon kung hindi ka masaya sa iyong itinakdang paaralan.

**Nais bang matuto nang higit pa?**
- Handa na bang magpa-enroll? Tignan ang aming website: achieve.lausd.net/k12OpenEnrollment
- Bumisita sa anumang paaralang Los Angeles Unified sa unang linggo ng Mayo.
- Kailangan ng karagdagang impormasyon? Tumawag sa (213) 241-8044 para sa tulong.

**Mahalaga!**
Huwag gamitin ang aplikasyon sa brochure na ito; at, tandaan, hindi ginagarantiyahan ng Distrito ang transportasyon.

## VIRTUAL NA AKADEMYA — ACHIEVE.LAUSD.NET/VIRTUALACADEMY

**Nag-iisip tungkol sa virtual school?**
Ang regular na paaralan ay hindi para sa lahat, at nauunawaan ito ng Los Angeles Unified. Para sa mga pamilyang nais ng ibang opsyon, nag-aalok kami ng Virtual Academies! Ito ay mga online na paaralan na may iba't ibang tema, tulad ng coding, negosyo, o kahit sining. May anim na Virtual Academies sa kabuuan, bawat isa ay may mga klase mula elementarya hanggang high school.

**Nais bang matuto nang higit pa?**
- Ikaw (o ang mga magulang) ay pwedeng pumili ng mga nangungunang opsyon para sa Virtual Academy na nais pasukan.
- Susubukan ng distrito na ilagay sila sa kanilang piniling akademya, ngunit nakadepende ito sa bilang ng mga bakanteng puwesto.
- Handa na bang mag-enroll? Mag-sign up online sa: Enroll.LAUSD.net
- Kailangan ng karagdagang impormasyon? Tumawag sa LAUSD Virtual Academy sa (213) 241-3180.

**Mahalaga!**
Huwag gamitin ang aplikasyon sa brosyur na ito; bisitahin ang aming website: www.lausd.org/virtualacademy

## MGA SONA NG CHOICE — ACHIEVE.LAUSD.NET/ZOC

Ang Zones of Choice ay nangangahulugang mayroon kang maraming magagandang pagpipilian na paaralan sa iyong komunidad! Ang mga paaralan sa Zones of Choice ay nag-aalok ng iba't ibang programa, mula sa sining at negosyo hanggang sa agham at katarungang panlipunan. Nag-aalok sila ng mga kamangha-manghang programa, mula sa pagbuo ng banda hanggang sa paggawa ng mga robot sa klase ng agham.

Ang mga residente ng Zones of Choice ay may karapatang pumili kung aling mga paaralan ang nais nilang pasukan mula sa lahat ng mga opsyon sa Zone. May mga malalaking paaralan, maliliit na paaralan, at kahit mga espesyal na programa na tinatawag na academies. Basta nakatira ka sa Zone of Choice, maaari kang mag-enroll sa anumang paaralan doon!

**Mga bagay na dapat tandaan:**
Maaari lamang pumasok sa isang Zone of Choice na paaralan kung ang iyong address ay nasa Zone na iyon.
Maaaring walang sapat na puwang para sa lahat sa kanilang unang piniling paaralan.
Ang mga paaralan sa Zones of Choice ay isang mahusay na paraan upang makahanap ng mga bagay na interesado kang matutunan, tulad ng musika, coding, o kasaysayan!

**Nais bang matuto nang higit pa?**
Suriin ang ZOC website: achieve.lausd.net/ZOC
Kailangan ng karagdagang impormasyon? Tumawag sa (213) 241-0466 o mag-email sa: ZOC@lausd.net

**Mahalaga!**
Huwag gamitin ang aplikasyon sa brochure na ito; at tandaan, hindi ginagarantiyahan ng Distrito ang transportasyon.

## MGA PAGPILI — GOTO.LAUSD.NET

**Mas pinadali na ang paghahanap ng magandang paaralan!**
Ginawa ng Los Angeles Unified na mas simple kaysa kailanman ang pag-alam tungkol sa LAHAT ng aming mga paaralan at programa. Wala nang pag-aalinlangan – mayroon na kaming lahat ng impormasyon sa isang lugar, madaling hanapin online.

**Mas madali rin ang pag-enroll sa iba't ibang programa!**
Ang Choices application ay mas mabilis at pantay-pantay para sa lahat na pagpapatala sa mga paaralang nais nila. Maaaring tumutok ang mga estudyante at pamilya sa mga bagay na mahalaga – ang pagkakaroon ng kasiyahan para sa kanilang bagong paaralan!

**Ang Choices ay nangangahulugan ng:**
**Mas maraming programa:** Malalaman mo ang lahat ng kamangha-manghang paaralan at programang inaalok ng Los Angeles Unified!
**Mas madaling aplikasyon:** Napakadali ng pag-fill out ng aplikasyon!
**Mas magandang akma:** Mas mataas ang tsansa na makapasok sa paaralan kung saan ka interesado!
**Mas maraming estudyante:** Makaaakit ito ng higit pang mahuhusay estudyante sa mga paaralan ng Los Angeles Unified!